# Kapisanan ng mga Babasahing Lokal

(Sangguniang Pampagtuturo sa Filipino)

- *Alamat*
- *Bayani at Kilalang Tao*
- *Epiko*
- *Kwentong Bayan*
- *Maikling Kuwento*
- *Pagkain*
- *Palaisipan*
- *Paniniwala at Tradisyon*
- *Sanaysay*
- *Selebrasyon at Pangyayari*
- *Topograpiya*
- *Tula*

Sinulat ng mga **Guro sa Filipino**
Lebel Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Aklan

# Pagkain

***Mga Layunin:***

- *Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tulong ng larawan.* ***(F2 PN-1g-8.1)***
- *Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutunan sa aralin.* ***(F3PB-Id-3.1)***
- *Nakasusunod sa napakinggang panuto (1 hakbang).* *(**F2PN-1.3)***
- *Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba`t ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.* ***(F2WG-IIg-h-5)***
- *Nakasusunod sa panutong may 2-3 hakbang.* ***(F3PN-If-1.3)***
- *Nakasusunod sa nakasulat na panuto.* ***(F3PB-IC-2)***
- *Nakasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.* ***(F1PN-IIIb-1.2)***
- *Nabaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin.* ***(F3PY-IIf-2.2)***

**Puto Tostado ng Bayan ng Altavas**

Ang Puto Tostado ay isa sa pinagmamalaking produkto sa bayan ng Altavas. Ito ay madalas ipakilala sa mga probinsyal, rehiyonal at nasyonal na Industrial Trade Fairs. Kaya naman maraming turista ang dumadayo pa sa bayan ng Altavas para lamang makabili at makatikim ng masarap na Puto Tostado. Ang mga kababayan natin mula sa iba't-ibang panig ng mundo, pag-umuuwi ay Puto Tostado ang kaharap sa almusal dahil masarap itong ipares sa kape. At syempre pa, sa kanilang pagbabalik hindi mawawala sa kanilang byahe ito. Sadyang matatakam kayo dito dahil sa pambihirang sangkap na gawa pa sa magandang kalidad ng bigas. At kung gusto niyong matikman ang natatanging Puto Tostado

nina Nido Penano at Nening Belarmino, ang bantog na magpuputo, halina kayo sa bayan ng Altavas!

Paano ginagawa ang Puto Tostado ng Altavas?

Mga Sangkap:


1 ½ gatang bagong aning bigas

½ kilo mascovado asukal


¼ kilo brown na asukal

Paraan ng Pagluluto:


1. Ibabad ang 1 ½ na bigas sa malinis na tubig buongmagdamag.




2. Salain sa eskrin at dikdikin ito hanggang maging pulbos.




3. Salain sa eskrin hanggang sa makakuha ng pinong-pino na bigas.



4. Lagyan ng mascovadong asukal at brown sugar at haluin hanggang magkulay dilaw ito.



5. Salain sa eskrin hanggang sa makakuha ng pinong bigas.




6. Ilagay sa lalagyang panghulma (isang manipis na latang pangpulbo). Palamigin sa refrigerator ng buong magdamag upang tumigas.




7. Balutin ng isang manipis na tela at pakuluan (steam) sa loob ng 10 segundo para tumigas.



8. Iihaw sa uling.



9. Palamigin at ibalot sa plastic.



**Pagkaing Pinagmamalaki ng Bayan ng Ibajay**

Ang bayan ng Ibajay ay may maraming pagkaing maipagmamalaki. Ang mga produkto nitong Pulburong Pinipig, Piking at Ubod ng Nipa ay ilan lamang sa mga ito. Maraming mga lokal na turista ang bumibili ng mga pagkaing ito para ipasalubong sa kanilang mga mahal sa buhay, patunay na nakarating sila sa bayan ng Ibajay. Tunay na maipagmamalaki saan mang panig ng bansa ang mga pagkain nilang ito.

Narito ang mga paraan kung paano ihanda ang mga ipinagmamalaking pagkain na ito ng mga Ibajaynon.

**Pulburong Pinipig**

Mga Sangkap:

- Cake flour
- Gatas na pulbos
- Asukal
- Tinustang pinipig, dinurog
- Mantikilya o margarine, tinunaw

Paraan ng Pagluluto:

1. Tustahin ang arina hanggang mamula-mula.

2. Sa isang mangkok, pagsamahin ang tinustang arina, gatas, asukal, pinipig at mantikilyang tinunaw.
3. Haluin ng maigi.
4. Sa pamamagitan ng polvoron molder na bilog o habilog, hulmahin ang pinaghalong sangkap.
5. Ibalot sa papel de hapon.

**Ubod ng Nipa**

Mga Sangkap:

| | |
|---|---|
| Nilagang ubod ng nipa na hiniwa ng parisukat | Asin |
| Gata ng niyog | Sibuyas |
| Toasted na tinapay | Bawang |
| Tanglad | Paminta na durog |

Mga Paraan:

1. Maglagay ng gata ng niyog sa kawali.
2. Ilagay ang sibuyas, bawang at paminta
3. Ilagay ang tanglad ,sunod ang ubod ng nipa hayaan munang kumulo.
4. Ilagay ang toasted na tinapay
5. Lagyan ng kunting asin pampalasa.
6. At hintaying lumapot at ihain.

**Piking**

Mga Sangkap:

Giniling na bigas

Tubig

Mga Paraan:

1. Tunawin ang giniling na bigas sa tubig.
2. Ilagay sa dahon ng saging.
3. Magpakulo ng tubig sa palayok.
4. Ilagay ang hinulmang giniling na bigas sa itaas ng palayok at pasingawan ito.
5. Pag- umalsa na ang nahulmang giniling na bigas sa dahon ng saging kunin ito at ilagay sa lalagyan.
6. Ibilad sa init ng araw pagkatapos i-prito.
7. Pwede na itong kainin pagluto na.

## Bayaning Lokal at Kilalang Tao

**Mga Layunin:**

- *Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggang kuwento.* **(F1PS – IIi – 1)**
- *Natutukoy ang mga bayani gaya ng manunulat at mga taong nakagawa ng mabuti sa kapwa.* **(F1PS-11g-7)**
- *Naipapakita ang hilig sa pagbasa.* **(F2PL-0aj-6)**
- *Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa kuwento.* **(F2PN-Iii-9)**
- *Nagagamit sa usapan ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (kami, tayo, kayo, at sila.)* **( F3WG-IIg-j-3)**
- *Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari.* **( F3WG-IIa-b-6)**
- *Nagagamit nang wasto ang pang-ukol (laban sa, ayon sa, para sa, ukol sa tungkol sa.)* **( F3WG-IIIi-j-7)**
- *Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng pamatnubay na tanong.* **( F3PN-Iif-6.4)**
- *Nasisipi nang wasto at maayos ang mga talata.* **(F3PU-IVa-e-1.5)**
- *Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa.* **(F3PB-IIIj-16)**

## FELINO S. PRADO

ni: Romano B. Casuncad

Sa panahon ng pananakop ng mga Hapon sa Pilipinas ay may mga taong naghirap at nagbuwis ng kani-kanilang buhay makamit lang ang minimithing kalayaan. Kinalimutan ang sariling kapakanan at maging ng kanilang pamilya sa halip ay hindi nagpasindak sa mga malulupit na dayuhan. Sila nga ba ay matatawag nating mga bayani?

Sa bayan ng Buruanga ay may mga taong nagpakita ng katapangan at kabayanihan. Si Felino S. Prado ay namuno sa isang gerilya na lumaban laban sa mananakop na mga Hapon. Ipinanganak siya noong Hunyo 1, 1919 sa Cabugan, Buruanga, Aklan. Nagtapos ng pag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Buruanga. Nagpatuloy ng sekondarya sa Buruanga Vocational School. Ngunit hindi na siya nakapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo. Siya ay nakapag-asawa kay Felisa C. Prado. Sampu ang kanilang naging anak. Nagsilbing opisina niya ang kanyang sariling tahanan at dito mismo ginaganap ang kanilang pagpupulong. Ilan lamang sa mga kasamahan niya'y sina Apolinario Cretencio, Candido Labindao, Gorgonio Malayas, Pablo dela Cruz, Paterno Prado, Rizal Malayas at iba pa. May mga pagkakataon na tinutugis sila ng mga sundalong Hapon. Subalit kahit kulang man sa kagamitang pandigma ay hindi sila pinanghinaan ng loob. Patuloy nilang ipinaglaban ang kanilang adhikain para sa bayan. Nang namatay si Felino S. Prado sa edad na 80 ay pumalit sa kaniya bilang pinuno si Paterno Prado. Siya ang nagpatuloy ng napakagandang layunin na kanilang nasimulan. Para sa mga mamamayan, ang mga gerilya ay nagpakita ng katatagan at kabayanihan para sa bayan. Dahil sa kanila ay hindi nawalan ng pag-asa ang mga Buruangaanon na makalaya mula sa mga dayuhan. Hanggang sa kasalukuyan ay kinikilala ng pamahalaan ang malaking naiambag ng mga gerilya para sa ating kalayaan.

**Col. Alejandro S. Melchor Sr.**

**(1900 – 1947)**

Ibajay ang lugar ng kapanganakan ng isang kilalang Pilipino sa kasaysayan.

Si Alejandro Melchor ay isang inhinyero, dalubbilang at naging miyembro ng kabinete ng naupong President Manuel L. Quezon bilang Secretary of National Defense.



Ang punong-angkin ni Melchor sa katanyagan ay ang pagdisenyo ng **pontoon bridge** na ginamit ng mga U.S. Army sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang ginawa niyang ito ay nag-ambag ng malaki sa marami pang nanalong digmaan para sa Allied Forces.

Ang kanyang lugar ng kapanganakan ay makikita sa kanyang pananda o “marker” na makikita sa University of the Philippines, Diliman Campus na kung saan ang bulwagang “Melchor Hall” ay ipinangalan sa kanya. Isang gusali rin sa Philippine Military Academy ang ipinangalan sa kanya bilang parangal at pagbigay pugay sa kanyang kadakilaang ginawa.

**TALAMBUHAY NI HILBERT SABAY NAPAT**

sinaliksik ni: Ella A. Dujali



Sing kulay ng bahaghari ang buhay ni Hilbert Sabay Napat o mas kilala sa palayaw na "Panoy". Siya ay anak nina Ginoong Rufino Andres Napat at Ginang Amada Ambay Sabay. Pang-apat si Hilbert sa walong magkakapatid. Siya ay ipinanganak sa baryo ng Pinatuad, bayan ng Nabas. Nagsimula siyang mag – aral sa Paaralang Primarya ng Pinatuad mula baitang isa hanggang ikaapat na baitang at pinagpatuloy ang kanyang pag - aaral sa Paaralang Elementarya ng Solido sa taong 1976. Nakapagtapos siya ng sekondarya sa Western Aklan Academy sa taong 1980. Kumuha siya ng Electrical Technology sa paaralan ng Roxas Memorial College of Arts and Trade at nagtapos sa taong 1984.

Naging asawa ni Hilbert si Nilda Santos Napat at nabiyayaan sila ng apat na anak. Ang pamilya ni Hilbert ay may negosyong Napat Transit na pinamamamahalaan ng kanilang mga magulang. Ito ang naging motibasyon ni Hilbert na magkaroon ng sariling negosyo na katulad ng sa kanyang mga magulang.

Sa edad na dalawampu't dalawa, nagtrabaho siya bilang Electrical Maintenance sa Marsman na may sahod na 175 peso kada araw. Taong 1986, napagdisisyunan niyang pumunta ng Kuwait upang magtrabaho bilang isang Laundry Technician. Pag- uwi niya dito sa Pilipinas, naging mekaniko siya sa Napat Transit na pag-aari ng kanyang mga magulang. Dahil sa kanyang sipag at tiyaga, nagkaroon din siya ng sariling pampasaherong sasakyan sa taong 2000 at pinangalanan niya itong Dimple Star Transport. Sa tamang pamamalakad at

may pagmamalasakit sa kanyang mga empleyado, ang kanyang negosyo ay lalong lumago. Nadagdagan pa ito ng K'JAD Tours at nagpatayo ng K'JAD Restaurant. Nagdagdag pa siya ng mga yunit ng taksi na bumabyahe sa iba ibang dako ng Panay. Iniisip ni Hilbert ang kapakanan ng kanyang mga pasahero kaya nagpatayo din siya ng K'JAD INN para sa mga pasaherong umaantabay ng kanilang byahe.

Dahil sa negosyong naitatag ni Hilbert, marami sa kanyang mga kababayan ang nagkaroon ng trabaho. Dahil dito, marami ang kanyang natulungan at gumaan ang buhay. Upang lubos na makatulong sa kanyang mga kababayan, tumakbo siya bilang Sangguniang Bayan noong ika – 9 ng Mayo taong 2016. Dahil sa kanyang mabuting puso at malasakit sa mamamayan, siya ang nanguna sa listahan ng may pinakamaraming boto. Dahil dito, lubos at patuloy ang kanyang pagtulong sa kanyang kababayan.

Tunay na ang lahat ay makakamtan dahil walang imposible sa taong may pangarap, sipag, tiyaga at may tiwala sa Diyos.

## HECTOR LUMBO OQUENDO
## 1958-2009

sinaliksik ni: Vincent Dee L. Flores

Isinilang noong Agosto 14, 1958 sa Poblacion, Buruanga, Aklan. Ika-anim sa pitong anak nina Felizardo Sr. at Marenciana Oquendo. Nakapagtapos ng elementarya sa Buruanga Elementary School at sekundarya sa Buruanga Vocational School. Taong 1981 ay natapos niya ang kursong Bachelor of Science in Agriculture sa Northwestern Visayan Colleges. Dahil sa kagustuhang makapagturo, kumuha siya ng 18 units sa Education. Ito ay kanyang

napagtagumpayan at naging ganap na isang guro. Natapos rin niya ang kursong Master of Arts in Education major in Educational Management noong taong 1988. Nasimulan na rin niya ang kanyang pag-aaral sa Doctorate at siya ay nasa antas na ng Thesis Writing.

Taong 1982 ay una siyang pumasok sa larangan ng pagtuturo hanggang sa taong 1996. Dahil sa kanyang sipag at tiyaga ay naging Head Teacher I sa Bel-is Elementary School mula 1996 hanggang 2001. Naging Head Teacher III noong 2001 hanggang 2003. Taong 2003 hanggang 2008 ay nahirang siya bilang Principal I sa Navitas Elementary School, Purok ng Malinao at nang kalaunan ay nalipat sa Habana Elementary School, Purok ng Buruanga.

Sa dami ng kanyang kabutihang ginawa, magandang pamamalakad at kahusayan sa trabaho ay nilagdaan ni Gng. Victorina S. Laroza, Ed.D., CESO V noong Nobyembre 26, 2008 ang kanyang katungkulan bilang Public Schools District Supervisor (PSDS). Siya ang tinaguriang kauna-unahang PSDS na nagmula sa Purok ng Buruanga. Sa hindi inaasahang pangyayari ay pumanaw siya dalawang buwan mula nang mahirang na PSDS dahil sa atake sa puso. Ang pangyayaring ito ay nagdulot ng kalungkutan sa buong pamilya ng Kagawaran ng Edukasyon sa Purok ng Buruanga at maging sa Sangay ng Aklan. Sa loob ng maikling panahon ng kanyang paninilbihan ay marami na siyang mga proyektong naisakatuparan at marami pa sanang mga magagandang planong nais ilatag at isagawa para sa kaunlaran ng buong kagawaran.

Sa kanyang pagpanaw ay marami ang kanyang naiwang alaala at aral sa larangan ng edukasyon. Naging mabuti at matulunging haligi ng pamilya sa kanyang asawang si Gng. Benita F. Oquendo na ngayon ay Master Teacher II sa Buruanga Elementary School at Pampurok ng Tagapag-ugnay sa Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP) ng Purok ng Buruanga. Naging inspirasyon din siya ng nag-

iisang anak na si Gng. Ellyn Joy O. Tañega na ngayon ay Teacher II sa Buruanga Elementary School at Pampurok na Tagapag-ugnay sa English ng Purok ng Buruanga.

**JULIO G. REFOL**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)

Araw ng kapanganakan: Pebrero, 27, 1916

Magulang: Geronimo D. Refol at Florencia Guillermo

Asawa: Nieves P. Dalida

Mga Anak: Judy, Nievesita, Julio Jr., Emma,
Renato, Delma, Laniel, Denny,
Betty, at Victoria Lynette.

Si Julio G. Refol ay nagtapos ng elemenetarya sa Mababang Paaralan ng Altavas. Sa Capiz Trade School naman siya nakapag-aral ng kanyang sekondaryang noong 1938. Kumuha siya ng Automotive Course o Kursong Awtomotib sa Iloilo School of Arts and Trades (ngayon ay Western Visayas College of Science and Technology). Nakapag-aral din siya sa Central Philippine University sa lungsod din ng Iloilo na noon ay tinatawag na Central Philippine College.

Siya na marahil ang nag-iisang mayor sa probinsya ng Aklan na nailuklok sa pwesto nang limang beses kung saan siya rin ang may pinakamahabang termino sa pagka-Mayor. Hindi rin siya natalo sa anumang eleksyon simula 1959, 1963, 1967, 1971 at kahit nooong 1980.

Nagsimula siya bilang isang klerk sa panahon ng panunungkulan ni Mayor Roque Mayor. Hanggang sa naging prinsipal klerk siya at dahil na rin sa kanyang didikasyon at kagalingan sa trabaho ay naging ingat-yaman siya ng munisipalidad ng Altavas. Sinubukan niyang pasukin ang mundo ng pulitika noong 1959 at nagtagumpay ito sa pagiging Mayor. Simula noon ay apat na termino din siyang naihalal.

Sa kanyang panunungkulan ay umunlad ang bayan ng Altavas. Maraming mga istruktura at establisyimento ang kung hindi man naisaayos ay nabago at nadagdag. Kabilang na rito ang naitayong Altavas District Hospital at pati na rin ang pagpapalit ng pangalan ng Altavas High School sa Altavas National School.

Aktibo rin siya sa mga sosyal at sibil na organisasyon na tumutulong sa mga mahihirap at nangangailangan. Dahil na rin sa kanyang mga nagawa ay tumanggap siya ng iba't-ibang mga parangal gaya nang "***The Philippines Most Outstanding Mayor***" noong 1966 na iginawad ng Executive Development Evaluation and Research of the Philippines, "***Bronze Thanks Badge***" na mula naman sa Boy Scout of the Philippines noong Mayo 23, 1967 at "***Outstanding Aklanon Award***" dahil na rin sa kanyang dedikasyon at integridad sa paglilingkod sa bayan noong Abril 28, 1984.

**GUILLERMO D. GERVACIO**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)



Araw ng kapanganakan: Setyembre 1, 1943
Magulang: Miguel Gervacio at Alfreda Dalida
Asawa: Lena Arceño
Mga Anak: Glendale at Fredalee

Walang sinuman nagtatagumpay na hindi dumadaan sa hirap. Dito nagkakapareho ang mga sikat at mga matagumpay na tao sa kanilang pagpupursige at pagsisikap na umunlad.

Tinahak ni Guillermo D. Gervacio ang ekstra-ordinaryo at mapanganib na propesyon. Mas pinli niyang pagsilbihan ang inang bayan sa panahon ng digmaan para sa inaasam na katahimikan. Nagtapos siya ng elementarya sa Mababang Paaralan ng Altavas. Nag-aral naman siya ng sekondarya sa Altavas National School at Caloocan High School. Tinapos niya ang kursong Bachelor of Science in Criminology sa College of Criminology.

Dahil sa napagtapusang kurso, una siyang nagserbisyo bilang hepe sa bayan ng Altavas mula 1970-75. Nakapagsilbi din siya bilang Chief of Operation Division sa estansyon ng pulis sa Kalibo ng dalawang beses at naging Chief Inspectorate ng Aklan Integrated National Police na naitalaga sa Camp Pastor Martelino, Kalibo, Aklan. Ngunit hindi pa dito nagtatapos ang kanyang pagseserbisyo dahil dumating pa ang maraming oportunidad sa kanyang buhay para makapaglingkod pa sa bayan. Nagbunga naman ang kanyang mga paghihirap, nakapagkamit siya ng mga parangal gaya ng anim na komendasyon para sa Exemplary Performance, dalawang parangal bilang Pinakamagaling na Komander ng Pulis ng Taon at INP Opisyal ng Taon noong

1986. Naihalal din siya bilang OIC Mayor ng Altavas kung saan marami rin ang kaniyang mga infrastraturang naipasaayos at naipagawa.  Kabilang sa mga naging proyekto niya ang  Dalipdlip River Bridge, ang pagpapatayo ng mga gusali ng eskwelahan pati na rin ang pagsasaayos ng mga kalsada.

Hindi makakalimutan ni Guillermo ang kanyang pagkakaligtas sa kagimbal gimbal na Cabugao masaker noong Oktubre 19, 1971.  Ayon sa kanya, iniligtas siya ng Panginoon sa trahedyang iyon dahil hindi pa tapos ang kanyang misyon sa mundo.  Kapalit ng pangalawang buhay na Kanyang ibinigay ay susuklian ko ito ng pantay at tapat na paglilingkod sa mamamayan at sa bayan."

**JOSEF M. BELARMINO**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)



Araw ng kapanganakan: Enero 10, 1900
Magulang:  Simplicio Belarmino at Gregoria Mapindan
Asawa: Demiana Lepardo
Mga Anak: Wilson, Teresa, Jimeno, Indalecia,
Tomas, Monieva, Rizalina, at Danilo,

Si Josef Belarmino ay isang sikat na mangangalakal, mapagkumbabang public servant at mapagmahal na ama sa kanyang mga anak.

Kahit na ipinanganak na mahirap ay nagpursige siyang maabot ang kanyang mga pangarap. Parati siyang nangunguna sa klase at nagtapos pa ng Valedictorian sa Mababang Paaralan ng Altavas. Dahil  sa kahirapan ay hindi niya kaagad naipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa hayskul at kolehiyo.

Tumulong nalang siya sa pagnenegosyo sa kanyang mga magulang para makapag-aral ang iba pa niyang mga kapatid.

Nagtinda siya ng binilad na isda, ngunit dahil sa ambisyong makaahon sa hirap ay nagtungo siya ng Iloilo para maghanap ng mas magandang trabaho. Doon ay naging marino siya. Pagkatapos ng apat na taon sa isang shipping company ay napagdisisyunan niyang magtayo ng isang negosyo. Nakabili siya ng mga lupain at fishponds na kung saan nagsimula ang kanyang tagumpay sa negosyo. Dahil na rin dito ay nakilala siya ng madla. Noong 1934 ay tumakbo siya bilang konsehal (municipal councilor) at sa kabutihang palad siya ang nanalo.

Pagkatapos ng isang termino ay hindi muna siya tumakbong konsehal. Taong 1941 siya bumalik sa mundo ng pulitika kung saan nahalal siya bilang konsehal sa pangalawang pagkakataon. Nang mga panahon ding iyon ay sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig. Pasekretong tinulungan ni Josef Belarmino ang mga gerilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkain, tirahan, pondo at iba pang mga impormasyon para matalo ang mga mananakop.

Isang dekada pagkatapos ng digmaan, ay naluklok siya sa pagiging mayor ng bayan ng Altavas. Noon ay umunlad pa lalo ang bayan ng Altavas dahil na rin sa kanyang pamumuno. Napaaspalto ang mga daan, may mga gusaling naitayo at nadagdagan ang kita ng munisipyo, dahilan para tumaas ang sahod ng mga opisyal at empleyado ng munisipyo. Nagkaroon din ang bayan ng patubigan na isa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Kahit na maraming banta ng karahasan dahil sa "huks" ng mga panahong iyon ay patuloy na naging mapayapa ang Altavas sa kanyang

terminno.  Pinarangalan din siya ng "Most Outstanding Mayor of the Year" noong 1952-1953 ng Provincial Press at Radio Club.

**RODSON F. MAYOR**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)



Araw ng kapanganakan: Enero 15, --------

Magulang:  Ramon Mayor at Bienvenida David Fojas

Asawa: Demiana Lepardo

Mga Anak: Wilson, Teresa, Jimeno,Indalecia, Tomas, Monieva, Rizalina, at Danilo,

Nagtapos ng elementarya si Rodson Mayor sa Mababang Paaralan ng Altavas at sa Altavas National School naman nag hayskul noong 1955. Nakuha niya ang kanyang AB Degree sa Northwestern Visayan College (NVC) at ang degree sa Bachelor of Laws naman sa Manuel L. Quezon University.

Gamit ang kanyang civil service eligibilities,  nagtrabaho siya bilang kalihim sa noon ay Kongresman Godofredo P. Ramos, taong 1961. Naging malaki ang naging parte niya sa pagpapatayo ng Altavas Emergency Hospital noong 1965 at maging sa pagpapalit ng pangalan ng noong Altavas High School na ngayon ay kilala na sa tawag na Altavas National School kaya naman nabansagan siyang "Little Congressman."

Taong 1966, nagtrabaho siya bilang Technical Assistant kay Cornelio T. Villareal sa abolisyon ng Kongreso noong Enero 17, 1973 nang naideklara ang Martial Law noong Setyembre 21, 1972.

Taong 1974 nang hirangin siyang Provincial Commercial Agent Head of the Bureau of Domestic Trade Office sa Kalibo, Aklan at na naitalaga bilang Regional Coordinator, Price Stabilization Council, sa rehiyon VI.

Iniwan ni Rodson Mayor ang kanyang trabaho sa gobyerno noong 1980 at nagpasyang itayo ang negosyong, Pag-asa Overseas Placement, Inc., kung saan tinulungan niyang magkatrabaho sa ibang bansa ang kanyang mga kababayan.

Noong Mayo 9, 1986 ay nabigyan siya ng pagkakataong makapagsilbi sa kanyang mga kababayan bilang OIC Bise-Mayor at noong Oktubre 14, 1987, ay naging OIC Mayor. Sa panahon ng kanyang termino ay nagpursige siyang mailawan ang bayan. Ipinaayos din ang mga daan at ang sementeryo munisipal at pinalakihan ang Roxas Boulevard sa Poblacion, Altavas.

Tumakbo din siya sa lokal na eleksyon sa posisyong punong baranggay at naging pangulo ng federasyon ng mga punong barangay. Hindi siya pinalad sa probinsiyal lebel. Magpaganon pa man ay hindi dito nagtapos ang kanyang paglilingkod sa bayan. Ang kanyang pangarap na pagsilbihan ang mga mamamayan at ang inang bayan ay mas lalo pang sumidhi at tumitibay sa pagdaan ng panahon. Ngayon ay isa na siyang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan ng Aklan.

**JOSE D. GERVACIO**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)

Araw ng kapanganakan: Nobyembre 23, 1896

Magulang: Guillermo T. Gervacio at Catalina Diangson

Asawa: Cipriana Salazar

Si Jose Gervacio ay isa sa mga hindi makakalimutang personalidad at Chief Executive sa bayan ng Altavas dahil sa hindi matawarang dedikasyon nito sa pagtulong sa mga kababayan lalo na ng mga nakakatanda o Senior Citizens. Tinagurian siyang "Mayor Maker" ng kanyang mga kaalyado dahil halos lahat ng mga kandidatong kanyang sinusuportahan ay naluluklok sa pwesto.

Naihalal siya bilang Presidenteng pang munisipal ng dalawang taon at naging Munisipal Mayor sa loob naman ng apat na taon noong 1930-1939.

Bago pa man siya maging Presidente Munisipal sa taong 1930 ay nagturo muna siya sa Mababang Paaralan ng Altavas ng ilang taon. Kahit na siya ay hindi nakapagtapos ng kolehiyo ay hindi rin matatawaran ang kanyang katalinuhan at pagkamalikhain sa larangang ito. Pagkatapos nito ay naging kalihim siya sa ilalim ng ilang Municipal Executives.

Nang sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig, ay naitalaga siya bilang Deputy Governor sa ikalawang distrito sa probinsya ng Capiz. Marami rin siyang mga naipagawang mga estraktura gaya ng pagpapalawak ng National

Highway, ang pagpapapagawa ng tulay na nagdudugtong sa Ilog Agbalili at ang kongretong hagdan papuntang Bangon ng Ilog Agbalili.

Walang naging anak si Jose sapagkat huli na nang siya ay nakapag-asawa. Kung kaya ang kanyang mga pamangkin na lamang ang nakasaksi kung paano siya magkalinga, magmahal at sumuporta sa pamilya. Sila din ang naging saksi nga kanyang mga nakamit na tagumpay hindi lang sa ating bansa kundi maging sa ibang bansa.

Namatay siya noong Agosto 14, 1981 sanhi ng isang sakit.

**DR. ROQUE R. MAYOR**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)

Araw ng kapanganakan: Agosto 16, 1907
Magulang: Basilio G. Mayor at Santiaga D. Refol
Asawa: Corazon de los Reyes
Mga Anak: Coroque, Richelda, Criselda,
Rosario, Roque Jr.

Nagsimulang mag-aral sa Altavas si Roque Mayor, nakapag-aral din siya sa Romblon High School ngunit nagtapos siya sa Capiz High School. Pagkatapos nito ay kumuha siya ng Pre-law ngunit nagpalit siya ng kursong Dentistry sa Philippine Dental College at noong 1932 ay nakapagtapos siya dito at pumasa sa Board of Examination sa parehong taon.

Nagserbisyo siya sa kanyang bayang tinuboan ngunit ilang taon bago sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig ay napasok siya sa mundo ng politika. Pagkatapos ng maikling termino sa pagiging Bise-Mayor ay naging Mayor siya ng munisipalidad sa ginanap na eleksyon noong 1940. Nagsilbi siya sa bayan maging sa panahon ng pananakop ng mga Hapones (1941-1954). Dahil na rin sa kanyang katapangan at pagiging makabayan ay nakilala siya sa buong probinsya ng Capiz (ang Aklan ay parte pa ng Capiz). Naihalal pa siya ulit sa pwesto noong 1946 hanggang sa magretiro noong 1951.

Si Dr. Roque Mayor na kilala sa tawag na "Oque" ay dati pa man ding malapit sa mga mamamayan at hindi nagdadalawang isip na tumulong lalo na sa mga nangangailangan. Naging mapagmahal din siyang asawa at ama sa kanyang mga anak.

Namatay siya sa St. Anthony's Hospital sa lungsod ng Roxas noong Enero 5, 1969.

**BLANCANIEVES C. FOJAS**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)

Araw ng kapanganakan: Setyembre 16, 1916<br>
Magulang: Gorgonio "Teniente Goyong" Cortes<br>
at Petra "Tinte la" Cuales<br>
Asawa: Ruperto B. Fojas<br>
Mga Anak: Blancanieves, Judy, Liny, Ruperto Jr.,<br>
Gerry, Roy

Siya ang kauna-unahang babaeng mayor ng munisipalidad ng Altavas. Nagtapos siya ng elementarya sa Mababang Paaralan ng Altavas at sekondarya

naman sa Batan Academy. Siya ay nakapagtapos ng kursong edukasyon at nagturo sa elementarya.

Sa panahon ng mainit sa awayan sa pagitan ng mga Hapon at Amerikano ay nakilala niya si Major Ruperto Fojas, isang sundalo ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas. Sila ay sekretong nagpakasal sa sibil sa probinsya ng Capiz noong Nobyembre 29, 1943 sapagkat ang pagpapakasal sa simbahan ng mga panahong iyon ay mapanganib para sa mga sundalo.

Hindi naging madali ang buhay mag-asawa para kay Blancanieves sapagkat kinailangan maglingkod ng kanyang asawa na malayo sa kanya. Sa araw ng trahedya ng "Jues de Cutsillo" ang kanyang mga kapatid na sina Maria, Flora, Cayetana at Leon kasama ng iba pa ay nadakip, tinortyur at pinatay ng mga sundalong Hapon.

Pagkatapos ng digmaan ay muling nagturo si Blancanieves. Nagsilbi siya ng ilang taon sa pagtuturo hanggang sa pinasok niya ang pulitika. Tumakbo at nanalo siya sa pagka-mayor sa bayan ng Altavas at naupo sa pwesto mula 1955-1959.

Noong 1971, pagkatapos niyang magretiro sa pulitika ay naging Administrative and Disbursing Officer siya sa Altavas National School. Ito ay hinawakan niya hanggang sa napagdesisyunan ng kanyang pamilya na manirahan na lang sa Maynila para na rin sa pag-aaral ng kanyang mga anak at sa kanya na ring naging bagong trabaho.

Sa isang bakasyon sa Pilipinas ay tinamaan ng malubhang sakit si Blancanieves kung kaya hindi na siya nakabalik pang muli sa Amerika. Siya ay inalagaan ng kanyang panganay na si Blancanieves, isang obstetrician at gynecologist sa lungsod ng Dumaguete kung saan inilibing ang kanyang asawa.

Kalaunan ay nailipat ang labi ng mag-asawa sa pampublikong sementeryo ng Altavas.

**PUNONG HUSGADO JOSE MA. D. TUNGALA**

(sinaliksik ng Altavas Historical Research Society, Inc.)

Ang kauna-unahang Punong Husgado ng Altavas ay ipinanganak sa Altavas noong Marso 19, 1895. Ang kanyang mga magulang ay sina Pantaleon Tungala at Genoveva Dalida. Nag-aral siya ng Batsilyer sa Panitikan at abogasya sa Liceo de Manila. Maliban dito ay nagpakadalubhasa din siya sa Ateneo de Manila, Instituto Filipino at Instituto Burgos.



Ang pagiging malikhain at aktibo ni Punong Husgado Jose Ma. D. Tungala ay makikita sa iba't ibang sosyal at pang-akademikong aktibidades at organisasyong kanyang sinalihan. Ilan sa mga prestihilyosong organisasyong kanyang sinalihan ay ang Liceo Barristers at Liceo de Manila "Batallion de Cadetes". Siya rin ang naging representante sa Republica Escolar of Liceo de Manila at Union del Trabajo sa Congreso Obrero de Filipinas, sa Secretary of Union de Marisnos de Filipinas na ngayon ay tinatawag ng Philippine Marine Union Incorporated. Naging Chief Instructor of Akeanon Scout Boys din siya na ngayon ay Philippine Boy Scout at nakapagturo rin sa Escuela de Manila.

Si Punong Husgado Jose Ma. D. Tungala ang siyang nagpasimuno at naging presidente ng Katimawaan't Jimeno nang ito ay itinatag noong Marso 5, 1916. Naging katuwang din niya sa pamumuo nito sina Kagalanggalang Leopoldo Alba at Senador Jose Altavas. Sila ang naging instrumento para

mahiwalay ang Jimeno sa New Washington na isinakatuparan ni Gobernador Heneral Francis Burton Harrison noong Nobyembre 23, 1917, sa bias ng Executive Order No. 88 kung saan idineklara ang opisyal na paghihiwalay ng Jimeno sa New Washington noong Enero 1, 1918.

Noong Desyembre 1, 1917 ay idineklara ang opisyal na paghihiwalay ng Jimeno na kung saan pinangalanan na itong Altavas na ginanap sa sentro ng bayan sa pangunguna nila Senador Jose Altavas at Kagalaggalang Leopoldo Alba.  Pagkatapos ng naturang separasyong at inihalal si Jose Ma. D. Tungala bilang kauna-unahang punong husgado sa Munisipalidad ng Altavas. Noong 1919 ay tumakbo siya sa pagka-Presidente Municipal (ngayon ay Municapal Mayor) ngunit siya ay natalo ni Potenciano Rodriquez.

Sa tulong ng Altavas Historical Research Society, Inc. (AHRSI) ay makikita sa bulwagan ng Munisipalidad ng Altavas ang napagandang larawan ni Punong Husgado Jose Ma. D. Tungala na nakasabit sa pader. Ito ay naisakatuparan sa tulong na rin ng Sangguniang Bayan ng Altavas at ng dating SB Member Nelson P. Tungala, 2004-2007 na siya ring nagbigay ng larawan.

Namatay siya noong May 17, 1949 sa Philippine General Hospital, Manila sa edad na 53. Ibinurol siya noong Mayo 19, 1949 sa Rizal City Cemetery.

# Topograpiya

***Mga Layunin:***

- *Nasisipi nang wasto at malinaw ang salita mula sa huwaran.* ***(F1KM-IIb-1)***
- *Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto.* ***(F1-IVb-2)***
- *Natutukoy ang gamit ng maliit at malaking letra.* ***(F1AL-IVb-7)***
- *Naipapahayag ang sariling ideya/ damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari.* ***(F2PS-If-1)***
- *Nasasabi ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pantig/ salita.* ***(F2PP-IIIb-6)***
- *Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan.* ***(F2PB-IIIa-3.1)***
- *Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan (ito/iyan/iyon)* ***(F3WG-Ie-h-3.1)***
- *Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon.* ***( F3PS-IIb-12.5)***

**Chocolate House**

Ang Chocolate House ay makikita sa Linabuan Sur, Banga, Aklan. Isa ito sa mga dinadayo hindi lamang ng mga taga-Banga, kundi pati na rin ng mga nakatira sa karatig-bayan, taga-ibang probinsya at maging ng mga turista. May dalawang swimming pool na makikita dito, isang pang-matanda at isang pambata. Malinis ang tubig at maganda ang paligid kaya marami ang nabibighaning mamasyal at maligo dito.

## Kalbong Bukid

Ang Kalbong Bukid ay matatagpuan sa Muguing, Banga, Aklan. Hindi ito gaanong mataas. Tinawag itong kalbong Bukid dahil walang mga puno dito. Mga damo lang ang makikita dito. Marami ang pumupunta dito para mamasyal at maglaro. Maraming mga bata ang nagdadala ng “pak-eang” ng niyog para gamitin upang magpadulas dito sa Kalbong Bukid. Katapat ng Kalbong Bukid ay ang barangay Mambog, Banga, Aklan.

## Ilog ng Ibajay



Ito ay malaki at malawak na ilog ng Ibajay, mula sa pinakamalayo na barangay ng Yawan patungo sa may bukana ng ilog ng barangay Poblacion.

Ito ay maipagmamalaki ng mga Ibayhanon dahil sa malinis na tubig na may mga mistikong malalaking bato at mga kawayan na bumabalakid sa tabi ng daan.

Ito ay kahina-hinalang paghahandog sa mga masigasig at interesadong manlalakbay.

**Siniba-a Falls**

Ang Talon ng Siniba-a ay isang karagdagang atraksiyon sa bayan ng Ibajay na matatagpuan sa Barangay Aparicio. Ito ay mailalarawan na ang tubig na galing sa mataas na bukid ay parang isang napakapinong belong puti. Ito ay malinis at malamig na tubig, halos mararamdaman mo ang lamig matapos ang buong araw ng iyong paggalugad sa lugar na iyon. Ito ay isang katawan ng tubig ng Ibajay na nagbigay buhay sa kasaysayan ng lumang bayan. Tunay na maipagmamalaki ito sa kasalukuyan.



**Pagatpat Mangrove Park**
ni: Lani S. Magbanua

Ang Pagatpat Mangrove Park ay matatagpuan sa baranggay Panilongan, Buruanga, Aklan. Humigit kumulang sa 7 kilometro ang layo nito mula sa sentro ng bayan. Madali lang itong puntahan sapagkat ito'y nasa tabi lamang ng

kalsada. Mga puno ng bakawan, pagatpat at "*peyape*" ang tumutubo sa kabuuan nito. Ang ibang mga puno ay sadyang itinanim rito ng may-ari na si



Gng. Julia Malandac Prado. Dahil sa likas na ganda ng lugar ay kinilala ito ng pamunuan ng DENR bilang isang "beauty spot" sa bayan ng Buruanga noong 2008. Mula noon ay dumarami ang pumupunta na mga dayuhang turista at maging ng mga lokal na rin na turista. Mainam na pasyalan ang kabuuan nito lalo na kung low-tide ang dagat. May mga isdang makikita sa mga butas at mga ugat ng mga puno. Iba't ibang mga lamang dagat ang makukuha tulad ng "seashells", alimasag at pugita. Sa ngayon ay patuloy itong pinapaganda pa at iniingatan upang mapanatili ang ganda ng lugar.

**Ariel's Point**

ni: Romano B. Casuncad



Ang Ariel's Point na kilala sa tawag noon na Batason Point ay kilalang-kilala na ngayon sa buong mundo. Makikita sa Barangay Alegria, Buruanga, Aklan ang napakagandang lugar na ito. Pagmamay-ari ito noon ni G. Sergio Omugtong na taga-Balusbos Buruanga, Aklan ngunit ibinenta niya ito kay G. Ariel L. Abriam, isang mayamang negosyane at kilalang nagmamay-ari ng isang resort sa Boracay.

Ito ay isang nakausling malaking bato sa paanan ng bundok na nakaharap sa dagat. Sa kabila ng mabatong lugar ay mainam itong pasyalan dahil sa kanilang diving board na may 50 talampakan ang taas mula sa dagat. Ito ang dahilan kung bakit pilit na binabalik-balikan ang lugar na ito ng mga turista. May mga puno na tumutubo sa mga bato, kung kaya't hindi nakapagtatakang may mga unggoy na makikita rito. Tanaw na tanaw mula sa lugar ang paglubog ng araw dahil sa kanlurang direksiyon ito nakaharap. Kung minsan kapag maganda ang panahon at hindi maalon ang dagat, kasama ang mga kaibigan at pamilya ay pwedeng sumakay sa kanilang balsa habang nagrerelaks at pinagmamasdan ang tumatalon-talon na mga dolphin sa dagat. Pwede rin na gawin ang mga water sports dahil sa malinaw at malalim na tubig. Masarap magkwentuhan habang nagpapahinga sa mga cottages dahil sa malamig na simoy ng hangin na nanggagaling sa dagat at bundok. Dinarayo ang malaparaisong lugar na ito ng mga maraming turistang galing sa Boracay. Ito ang malaking biyaya na nagbibigay-daan upang higit na makilala sa mundo ang bayan ng Buruanga.



# Awiting Bayan

***Mga Layunin:***

- *Natutukoy ang mga salitang magkakatugma.* ***(F1KP-IIIc-8)***
- *Naisusulat ng may wastong baybay at bantas ang mga salitang idinidikta ng guro.* ***(F2-Ig-1.2)***
- *Nakapagbibigay ng mga salitang magkatugma.* ***( F2KP-IIId-9)***
- *Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paggamit ng magkasingkahulugan at magkasalungat na mga salita.* ***(F3PT-Ij-2.3)***
- *Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.* ***(F3PL-oa-j-3)***

**KUMINTANG**

ni: Jay- ann A. Terrano

I. Bitayon ta amadilis
Higtan dili butanwan
Hinugay kamo ginahod
Marapit si Dayan Dayan.

II. Amadilis sadin ka don
Agi kaw anay sa amon
Bisan uwa kita tug-unon
May binlod nga lugawon.

III. Amadilis kon sa suba
Masadya sa dalumba
Mahalop kon gumwa
Mamios kon mamintana.

IV. Amadilis kon sa Kapis
Sanggatos kami nagpais
Lagpion namon manipis
Karan-on it kapitanes.

V. Amadilis Bukong- bukon
Tinalibong ag pinayukang
Sa molihon paagyon
Sa bairan bakagayon.

VI. Tabi-tabi kaninyo tanan
Sa likod ag sa tamparan
Mamulong ako kon sarang
Dunggan ag pamatian.

VII. Tabi-tabi kaninyong dako
Gakuruyog sa bangko
Nagatahod ako sa inyo.

VIII. Tabi-tabi kaninyong sa sod
Guwa anay sa parada
Magahimbon sa kalipay
Ag magkasadya.

**Bukon Kami it Ati**
ni: Bonivi P. De Juan

Bukon tamon it Ati
Tawo tamon sa bukid
Maitom amon linahi
Gakaon it kamote.

Di kami ka inteindi
Tang di namon linahi
Tawo tamon nga buhi
Sa bukid kami gauli.

**PAGDAYAW SA BANWANG LEZO**
(Composed & Arranged by: Mr. Pedro Bustamante)

Lezo banwa nga naeoeotan
Kimo amun nga gina haead
Bug-os namon nga handumanan
Kalipayang ginahangad
Tungod ikaw among pinili
Nga pugad ko among lahi.

Suno sa imo nga istorya
Sa tiempo pa it Espanya
Hulyo sies ikaw natawo
Nagsiparar sa Kalibo
Nahimo ka nga munisipyo
Sakop mo dose nga kabaryo.

Bantog ka sa imo nga kueon
Sa daga ikaw hay manggaranon
AKELKO nga kimo nahamtang
Iwag ka't bug-os nga Akean.

Eanas nimo hay mahanayhay
Tubas nimo mais ag paeay
Gakabuhi kami it mahilway
Puno kami it kalipay
Tungod sa among taguipusoon
Rong Dios rong hari namun. (Finale)

Patron namon si San Isidro
Mabuligon guid nga totoo
Ag kon kami hay ga piesta
Tanan kami ga sinadya. (Repeat: Eanas)

**Himno ng Ibajay**

Ibajay oh Ibajay
Banwa natong nahamut-an
Ibayhanon ikaw gid rong ginapadunggan it tanan
Mga dunang manggad ko Ginoo ginbugnaan dapat gid nga bantayan
Tatapon ag haeongan
Mga kabukiran ag mga kapatagan
Mga maeambong kataeamnan
Makawiwili sa panan - awan


Kaeaeawran, sapa, ag katunggan
Rong kasubaan bugana sa isda
Sa tawo pangabuhian
Ibajay,oh Ibajay
Banwa natong nahamut-an
Ibayjanon ikaw gid rong
Ginapadunggan it tanan
Mga dunang manggad ko Ginoo
Ginbugnaan dapat gid nga bantayan
Tatapon ag haeongan
Mga pumoeoyo nga Ibayjanon
Maeoeo ag maalwan
Pinuno it banwang mabinuligon ag puno it kaaeam
Handum paumwaron
Ro mga katawhan
Magbag –o ag magbaylo
Para sa kauswagan
Ibajay oh Ibajay
Pag-uswag atong maangkon
Ibayjanon tanan masinadyahon ag malipayon
Ibajay,oh Ibajay
Tanan kita magkalipay
Bangod ro atong banwa hay magasueong
Sa progresibong Ibajay

# Tula

***Mga Layunin:***

- *Natutukoy ang mga salitang magkatugma.* ***(F1KP-IIIc-8)***
- *Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang mga salitang idinikta ng guro.* ***(F2-Ig-1.2)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang tula.* ***(F3PN-IIc-3.1.1)***
- *Naisasakilos ang tulang napakinggan.* ***(F3PN-IId-5)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang tula.* ***(F3PN-IIc-3.1.1)***
- *Naisasakilos ang tulang napakinggan.* ***(F3PN-IId-5)***
- *Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan.* ***(F3PB-IVc-1)***
- *Naihahambing ang mga katangian ng tula/ awiting- bayan, panudyo, tugmang de gulong at palaisipan.* ***(F7PB-IIIa-c-14)***
- Nabibigaks nang wasto at may damdamin ang tula **(F8PA-IIa-b-24)**
- *Nagagamit ang kasanayan at kakayahan sa malinaw at mabisang pagbigkas ng tula.* ***(F10PS-IIc-d-72)***
- *Nabibigyang-puna ang mga bisa ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin.* ***(F10PT-Ie-f-64)***
- *Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula.* ***(F10PN-IIc-d-70)***
- *Nasusuri ang mga elemento ng tula.* ***(F10PB-IIc-d-72)***
- *Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay.* ***(F10PU-IIc-d-72)***

**Yawa –Yawa**
**(Niňos – Inocentes)**



**Yawa – yawa sa Maloco, dinadayo ng mga tao**
**Kung paano nilikha, malalaman ninyo**
**Itong selebrasyon, ay noon pang unang panahon**
**Kung kailan kaunti pa lang ang mga tao noon.**

**Noong isang libo walong-daang taon ng Espanyol**
**Itinayo ang simbahan sa gitna ng baryo**
**Nasiyahan lahat ang mga tao**
**Nagising sa relihiyong Katoliko.**

**Tatlong araw matapos isilang si Hesus**
Sa kanyang tauhan, si Herodes nag-utos.
Lahat nang bata, dalawang taon pababa
Putulan ng ulo, pati manunubos isama.

Kaya itinago, sanggol na si Hesus
Para hindi makita, ng yawa na masama
Hinanap sa bahay, sa itaas at ibaba.
Kayamanan na makikita, kinukuha pa nila.

Batang makita, pinuputulan ng ulo
Sa akala na siya si Hesukristo
Kawawa ang inabot, mga sanggol at mga tao
Dito nakiramay mga tao sa Maloco.

Bilang pag-alala sa gawang masama

Mga inosenteng at kinawawang bata
Yawa-yawa kung tawagin, pumuputol ng ulo.
Ipinagdidiriwang sa baryo ng Maloco.

**BARIW**

ni: Alicia R. Flores

Kung iyong pagmasdan,
Ito'y punong walang pakinabang.
Bawat dahon ay may tinik,
Susugat sa magtangkang lumapit.

Likas sa tao maging malikhain,
Dahil na din sa angkin nitong galling.
Dahon na puno ng tinik,
Ano't naging banig.

Sa paglipas ng panahon,
Produkto'y dumami.
Sombrero, banig at kalupi,
Pati na bag at tampipi.

Nabasno'y nakilala,
Di lang sa probinsya.
Dahil sa punong walang ganda,
Bariw ang ngalan niya.

## LUGAR NG UNION
ni: Melody P. Pelayo

Lugar ng Union kay gandang pagmasdan,
Kilala rin sa tawag na "Kabangrusan."
Tao'y nagkakaisa at masayahin pa,
Buhay ng mga tao  masyadong abala.

Pagmasdan ang karagatan,
Masaganang pagkain iyong matutunghayan.
May tirik at sikad-sikad, ipinagmamalaki ng Kabangrusan,
Sa tahimik at simpleng lugar iyong malalasap.

Patuloy na kaunlaran,
Patuloy ang kasaganaan.
Paano na lugar na pinagpala?
Pagdating ng kalamidad kinawawa.

Kaunlaran, hindi ka pa ba nagsasawa?
Kabundukan , karagatan, nagalaw ng tuluyan.
Malaking paliparan unti-unting nakikita,
Sa bayang inaruga at pinagpala.

## PANGIBABAW NABAS!
ni: Jezza Joy A. Baclagon

Masayang bakasyon ba ang inyong pinapangarap?
Sariwa't preskong hangin ba ang gusto ninyong malanghap?
Magagandang tanawin ba ang hinihiling na masulyapan?
Nandirito lang sa Nabas ang inyong hinahanap.

Malaturbinang pamaypay sa Pawa ating tagpuin;
Dito rin sa Basang Cold Spring, kayo'y sobrang giginawin,
Sa Tagororoc Falls nama'y, tubig bumabagsak sa buhangin,
Pati sa Libertad Cave, mamamangha ang inyong paningin.

Kung hilaw na produkto naman ang ating pag- uusapan;
Ang mga Nabasnon, tiyak sa *bariw* ay mayaman,
Sa Nagustan, Laserna at Toledo, ito ay matatagpuan,
Kaya kapag Bariw Festival, ito'y sentro ng kasayahan.

Masasaya't mapagmahal ang mga mamamayan;
Tumatanggap ng iba't ibang bisitang dayuhan,
May takot sa Diyos at mabuti ang kaugalian,
At lubos ang pagmamahal sa sarili niyang bayan.

Halina't sa Nabas, mga giliw kong tagapakinig;
Tayo'y mag- ikot at busugin ang paningin,
Sa mga likas na yama't malaparaisong tanawin,
Pagkat ito'y likha ng Diyos, marapat na mahalin at tangkilikin.

**LIKTINON**

ni: Irene N. Suriaga

Sa bayan ng Madalag sa lalawigan ng Aklan,
May kilalang  tanawin na kaygandang puntahan.
Likas na paraiso, isang kayamanan,
Natural na biyaya, may angking kagandahan.

Mapuputing bato ang sasalubong sa iyo,
Ibat't iba ang hugis at mga disenyo nito.
Kaymanghang pagmasdan,
Nakakaaliw tingnan.

May kasinglaki ng bahay o ng sasakyan.
At parang inukit na may larawan.
Mala-kristal ang tingkad kapag sinisikatan,
Malahiganteng bato, kakaibang pasyalan.

Dagdag pa ang isang dalisay na kagubatan,
Malaberdeng tanawin ang matutunghayan.
Linaw at lamig ng tubig, masarap paliguan,
Ilog na dumadaloy, preskong kapaligiran.

Kung gusto mong mapuntahan ang bawat sulok nito,
Pipilitin mong makapunta sa kasunod na bato.
Kaya nga ito ay tinatawag na "Liktinon",
Liktin! Dahan dahan lang sa iyong pagtalon.

Liktinon White Rocks ay isang magandang tanawin,
Likas na yamang kakaiba sa paningin.
Alagaan, kusang mahalin,
Ipagmalaki, sariling atin.

**HILING**

ni: Ma. Christine B. Tejada

Masarap mabuhay sa sariling bayan
'Yan ang nasa sa aking isipan,
Sa may bintana ay binabalikan,
Masasayang araw na pinapanabikan.

Tuwing umaga sa bakuran makikita,
Ako'y nagwawalis habang kumakanta
Iigib ng tubig sa balon sa may bukid
At ididilig sa mga halamang nasasabik.

Bago pa magalit si haring araw sa langit,
Ako'y papanaog na sa kubong maliit.
At ang direksyon patungo sa bukid
Na napakalawak ngunit kaakit-akit.

Tagaktak man ang pawis sa buong maghapon
Di alintana ang pagod at gutom
Sapagkat ang pamilya ang siyang inspirasyon
At ang lahat ng ito'y alay sa Panginoon.

**Sa Buruanga**

ni: Vincent Dee L. Flores

Tayo na mamasyal at pumunta
Isama ang mga kaibigan at pamilya
Sa Panagat Festival makisaya

Kay San Antonio, Viva Hala Bira!

Sa Ariel's Point umakyat at tumalon
Sa Hinugtan Beach maglaro ng alon
Sa Pagatpat Mangrove Park magpahinga
Sa Hacienda Maria may talon, lambanog at kweba

Dito rin matitikman at makukuha
Isda, gulay at prutas na masustansya
Magiliw magtanggap ng bisita
Kaya't halina sa Buruanga

**Tabing-Dagat**

ni: Lani S. Magbanua

Sa tingin palang ika'y mapapawow!
Mga nakikita gusto mong mabigyang linaw
Lakad na, sakay na at ng masimulan na
Dito sa Buruanga tiyak malulula ka.

Mayroong Hinugtan Beach,
Taburan Beach at Talisay Beach
Huwag ng mag dalawang isip pa
At magmamarka na sa inyong mga ala-ala.

Lusong na mga paa
Lasapin itong ganda!
Kamay ihampas na sa mga along napakasigla
Lahat ng mga ito'y hatid ay ligaya .

Huwag maliitin ang mga tagubilin


Na ating iingatan at pangangalagaan

Para itong kayamanang ating nararanasan

Na hindi masisira kailanman .

**Hinugtan Beach**

ni: Bonivi P. De Juan



**Kaysarap tingnan mga kabataan,**

**Na naglalaro at naghahabulan.**

**Sa maganda at puting buhanginan,**

**Na makikita sa lugar ng Hinugtan.**

**Malinaw na tubig na kahali-halina,**

**Malinis na paligid ay kaaya-aya.**

**Kaya dito ay masarap maligo,**

**Sa tubig magtampisaw at saka maglaro.**

**Mga bumibisita dito araw-araw ay iba-iba,**

**Mapalokal man o international na turista.**

**Dahil  ang Hinugtan masarap balikan,**

**Lalo na mga kabataang sa lugar ay nagagandahan.**

**Kaya halina kayo sa lugar namin ay dumayo,**

**Mamasyal, maglibang at maligo tayo.**

**'Wag lang sanang ito ay kalatan,**

**Upang mapanatili likas nitong kagandahan.**

**BAYANGAN**

Bayangan ay isang panghorno
Ginagamit sa pagbuo ng iba't ibang disenyo
Plorera, palayok, banga at paso
Makikita sa bayan ng Lezo

Pagmasa ng luwad at buhangin
Mga patero bihasa nito
Bayangan ay paikutin
Sa disenyong nais mong gawin

Kay gandang pagmasdan
Pangdekorasyon sa bahay, opisina at paaralan
Ito'y nagsisilbing kabuhayan
Sa maraming mamamayan.

**PERA AT BASURA**

Akoy munting bata ng aming bayan
Ngunit maasahan naman sa kasinupan at kalinisan.
Tamang pagtatapon ng mga basura
Lagi kong isinasagawa, tunay kung pinahahalagahan.

Nabubulok at di nabubulok aking pinaghihiwalay
Bote, plastic at papael,  marami pang pakinabangan.
Baka pagdating ng araw ako ay yumaman
Nang dahil sa basura na aking pinagtiyagaan.

# Alamat

***Mga Layunin:***

- *Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto.* ***(F1PN-IVb-2)***
- *Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento.* ***(F1PS-IIg-7)***
- *Nakapagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa pangungusap.* ***(F1PN-III-d-8.2)***
- *Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggan sa kuwento/alamat.* ***(F2PS-IIb-3.1.1)***
- *Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento/alamat.* ***(F2PB- II-b-3.1.1****)*
- *Nasasagot ang mga tanong na sino, ano, saan at bakit.* ***(F2PN-Id-1.3.1)***
- *Naiguguhit ang mensahe ng napakinggang parabula/ alamat.* ***(F3PN-Ic-1.4)***

## ALAMAT NG BURUANGA

ni Romano B. Casuncad

Noong unang panahon ay may dalawang tribu na nakatira sa isang lugar. Ito ay ang tribu Busu at tribu Anga. Ang lugar ay nahahati sa dalawa dahil sa napakalawak na ilog sa gitna na katulad sa kristal ang linaw ng tubig na dumadaloy patungo sa dagat. Ang nasa hilagang bahagi ay pinamumunuan ni Datu Busu at ang nasa timog na bahagi ay pinamumunuan naman ni Datu Anga. Masisipag at matulungin ang bawat kasapi ng tribu. Masagana sa likas na yaman ang lugar tulad ng prutas, gulay, palay, mais, niyog, isda, hayop at iba pa.

Masaya ang bawat tribu sa panahon ng anihan dahil sa masagana ang lahat. Mahahaba at mabibilog ang butil ng uhay ng mga palay. Napakarami ang mga nakukuhang gulay sa mga taniman. Nagsisiksikan ang mga buwig ng niyog. Naglulundagan ang mga sari-saring naglalakihang mga isda sa ilog, sapa at dagat. Ang bawat tahanan ay may kaniya-kaniyang mga alagang hayop tulad ng kalabaw, baka, kambing, baboy, manok, pato at gansa. Dahil dito ay nagpapasalamat sila kay Bathala na siyang pinaniniwalaan nilang nagbigay sa kanila ng maraming biyaya. Magkaibigang matalik ang dalawang datu. Ang dalawang tribu ay nagpapalitan ng kani-kanilang produkto sa tuwing anihan. Isinasakay nila sa malaking balsa upang makatawid sa kabilang pangpang. Mapagbigay sila sa isa't isa kaya't masaya ang dalawang tribu tuwing magkaroon ng pagtitipon. Nagpatuloy ang ganitong kalakaran sa paglipas ng panahon.

Nagkaroon ng kani-kanilang mga anak ang dalawang datu. Ang anak ni Datu Busu ay isang makisig na binata at isang napakagandang dalaga naman ang anak ni Datu Anga. Nagustuhan ng binata ang dalaga. Dahil sa magandang relasyon ng dalawang pinuno ay pinagkasunduan nilang ipakasal ang kanilang mga anak. "Nabibighani ang anak kong binata sa anak mong dalaga kaya ibig niyang mapangasawa ang iyong anak na dalaga Datu Anga," ang panunuyo ni Datu Busu. "Kung gayon ay payag ako sa nais mo Datu Busu," ang sagot ni Datu Anga. Pagkatapos ng pamamanhikan ay agad isinagawa ang kasalan. Nagkaroon ng maraming handa at nagsaya ang dalawang tribu. Kain at tulog nalang ang kanilang ginawa. Tumagal ng isang buwan ang kasiyahan at napabayaan na ang kanilang mga tanim at mga hayop. Halos nakalimutan na rin nilang manalangin at magpasalamat kay Bathala.

Dumating ang mahabang panahon ng tagtuyot sa kanilang lugar. Namatay ang mga hayop dahil sa natuyo ang mga balon at mga sapa. Natuyo ang halos

lahat ng palayan at taniman. Isang araw, "Tumungo ka kay Datu Anga at iparating mo ang aking mensahe dahil nais ko siyang makausap, "ang utos ng datu sa kaniyang alagad. Agad namang pinaunlakan ni Datu Anga ang paanyaya ni Datu Busu. Pinag-usapan nila ang kanilang gagawin. "Bakit hindi natin harangan sa gitna ang malaking ilog upang maipon ang tubig bukod sa may maiinom tayo ay makapagpapatubig sa ating taniman upang makapagtanim na tayo upang hindi tayo mamatay sa gutom," ang mungkahi ni Datu Busu. "Mainam na ideya 'yan at sang-ayon ako sa gusto mo Datu Busu," ang sagot ni Datu Anga. Agad-agad na pinulong ng dalawang pinuno ang kani-kanilang nasasakupan upang gawin ang kanilang napagkasunduan. Kinabukasan ay agad na sinimulan ang pagharang sa ilog. Pinutol ang mga malalaking puno upang gawing troso na magsisilbing haliging pinagdikit-dikit at tinambakan ng lupa na galling sa bundok at ginawang pader upang makabuo ng isang "dam". Pinagtulong-tulongan ng dalawang tribu ang gawain upang matapos agad. Taimtim na nanalangin ang lahat kay Bathala na sana'y mapuno ito ng tubig. Isang gabi ay magdamag na walang tigil na bumuhos ang napakalakas na ulan. Kasabay nito ang nakakabinging dagundong ng mga kulog at matatalim na kidlat. Dahil walang madaanan ang tubig ay naipon ito at umapaw at tuluyang bumulwak ang napakalakas na agos ng tubig mula sa "dam". Naging dahilan ito ng mabilis na paglalim at malawakang pagbaha sa lugar na siyang ikinasawi ng mga tao. Iilan lamang ang nakaligtas sa dalawang tribu. Mula noon ay tinawag na itong "Busuanga" na ang ibig sabihin ay bumulwak ang tubig sa "dam" at bilang ala-ala rin kay Datu Busu at Datu Anga. Nang dumating ang mga Kastila ay pinalitan nila ito. Sa halip ay tinawag na nila itong Buruanga.

**ANG ALAMAT NG BEL-IS**
ni: Bonivi P. De Juan

Noong unang panahon ang mga tao ay nakatira pa sa isang lugar na hindi pa nila alam kung ano ang pangalan nito. Hanggang sa nakita nila ang isang puno na ang pangalan ay Belis na may mahigit 70 taon na ang tanda nito. Ito ay tumubo sa isang hugis kampana na bato sa tabi ng dagat.

Dahil sa ito ang pinakamatanda at pinakamalaking puno na nakita ng mga tao ay ipinangalan nila ang kanilang lugar mula sa puno ng Belis.



Noong panahon ng mga kastila, ang Belis ay naging Bel-is. Sa paglipas ng henerasyon, ito ay naging sityo ng baranggay Alegria noong ang Buruanga ay nasa ilalim pa ng pamumuno ng probinsya ng Capiz.

Makalipas ang ilang taon, ang mga tao sa lugar ay nagsumikap na ang sityo ng Bel-is ay maging isang baranggay at ito ay nangyari noong taong 1965. Naging unang Punong Baranggay si **Benjamin C. Labindao.** Siya at ang lahat ng mga tao ay nagsasabi na ang pangalang Bel-is ay galing nga sa puno ng Belis na tumubo sa gitna ng hugis-kampanang bato sa tabi ng dagat. Ang "**Bel**" sa Bel-is ay mula sa **"bell-shaped rock"**at ang **"is"**ay "**dagat**" kaya tinawag na Bel-is.

## ANG ALAMAT NG MADALAG

ni: Mary June N. Ningal

Ang pangalan ng bayan ng Madalag ay mula sa ilog na tinatawag na "Madaeag o Maearag." Madaeag ang tawag dahil sa madilaw na kulay nito.

Ayon sa mga nakatatanda, noong panahon ng mga Espanyol, may isang batalyong sundalo ang dumating sa isang gubat na malapit sa ilog. Nakita ng mga kawal ang kumpol ng mga babaeng naglalaba dito. Kaya't inutusan ng pinuno ang kanyang kawal na itanong ang pangalan ng lugar. Nilapitan ito ng kawal at tinanong. Sumagot ang babae. "Madaeag." Dahil ang akala ng babae tinatanong nito ang ilog. "Ahhh Madalag!" sigaw ng sundalo. Dahil hindi nila mabigkas ang "ea", ang Madaeag sa kalaunan ay tinawag na Madalag.

## ANG ALAMAT NG MEDINA

ni: Arlyn R. Javier

Noong unang panahon sa isang malayong baryo ng Madalag, may isang napakagandang dalaga na ang pangalan ay Medi. Dahil sa kanyang kagandahan, ang lahat ng mga lalaki ay nabibighani sa kanya. Isang araw, habang namamasyal si Medi ay nakita siya ng mga kalalakihan. Tinanong siya kung saan siya pupunta at ang sagot niya ay doon. Nabighani ang mga kalalakihan sa kanyang kagandahan kaya sinundan siya ng mga ito at hindi na sila nakitang bumalik. Marami pang mga kalalakihan ang sumunod kay Medi sa kanyang pamamasyal at wala ni isa man sa kanila ang nakabalik.

Isang araw, hindi na makita si Medi sa lugar na iyon. Bigla na lamang siyang naglaho na parang bula. Simula noon pinangalanan nila ang lugar na iyon na Medi sa pag alala kay Medi at nang naglaon ay naging Medina.

**Ang Alamat ng Boracay**
ni: Ma. Theresa I. Nazareta

Sa isang malayong isla sa lalawigan ng Aklan, may mag-asawang naninirahan sa isang tagong Isla na ang tanging hanapbuhay ay pangingisda. Ang mag-asawang ito ay may dalawang anak na sina Bora at Cai, na naturingang kambal. Si Bora ang panganay sa kailang dalawa na madalas atasang mag-alaga sa kanyang kapatid na si Cai kapag wala ang kanilang mga magulang. Sadyang mabait ang mag-asawa na madalas lapitan ng mga taga Isla.

Ang kanilang lugar ay natatanging isla sa lalawigan ng Aklan na kung saan makikita ang maputing buhangin at napakalamig na tubig. Ang kagadahan ng isla ang siyang nakabibighani sa lahat ngunit sadyang kayhirap puntahan.

Madalas makita ang magkapatid na naglalaro sa dalampasigan. Mahilig silang lumangoy at makipaglaro sa kapwa-batang karatig nila. Isang araw, nagyaya si Cai kay Bora na magtungo sa dalampasigan upang maglaro, ngunit hindi agad pumayag si Bora at kitang-kita ang pag-aalala. " Pagagalitan tayo ng ating ama at ina kapag umalis tayo ng bahay na hindi nagpapaalam. Naku! Tiyak na mapapalo tayo noon! "ang wika ni Bora kay Cai." Ngunit ate Bora, hindi naman tayo magtatagal sa dalampasigan. Kailangan ko lang makausap ang aking bagong kaibigan, pakiusap ni Cai kay Bora. "Aba! Cai! May sekreto ka

pala na di ko alam ha!, sabat ni Bora.  " Kaya nga eh, samahan mo muna ako sa



dalampasigan upang makilala mo siya, pagtatanggol naman ni Cai. Dali-daling umalis ang magkapatid patungo sa dalampasigan at nagtungo sila sa lugar ng Tambisaan.

Pagdating nila sa dalampasigan, nakita at hinangaan ni Bora ang isang magandang babae. Siya ay ang diwata ng karagatan na siyang tinutukoy ni Cai na isang kaibigan. "Sino siya?", tanong ng diwata. "Siya po ang aking kapatid na si Bora", sagot ni Cai. "Gusto n'yo bang mamasyal sa ibang lugar?" Tuwang-tuwa ang dalawang magkapatid at agad na sumama sa diwata. Lingid sa kanilang kaalaman, sa kanilang tahanan halos hindi na mapakali ang kanilang mga magulang sa paghahanap sa kanilang dalawa. Humingi na ng tulong si Mang Indoy sa kanilang kapitan upang hanapin ang dalawang anak. Pati ang kanilang mga kapitbahay ay naghahanap na rin. Iyak nang iyak ang kanilang ina dahil sa pagkawala ng kanilang mga anak.

Isang gabi, nag-usap ang mag-asawa. "Saan na kaya napunta ang ating mga anak Indoy? Ano na ang nangyari sa ating mga anak na ating kayamanan? Nasaan na sila?" Mangiyak ngiyak na wika ni Aling Bebang.

Nagtungo ang mag-asawa sa may dalampasigan ng Tambisaan at dito sumigaw ng ubod-lakas si Mang Indoy. Tinatawag ang pangalan ni Bora at Cai at ganoon din ang ginawa ni Aling Bebang. "Bora... Cai... Bora... Cai... mga anak

nasaan na kayo? Huhuhu..."  Patuloy sa paglalakad ang mag-asawa at sinisigaw ang pangalan ng kanilang mga anak. Bora... Cai... Bora... Cai... Sa sobrang pagod at pagdalamhati sa pagkawala ng kanilang dalawang pinakamamahal na anak, natagpuan ang mag-asawa na walang buhay at tanging naisambit ng mga taga-roon na nasawi ang mag-asawa dahil sa kasisigaw sa dalampasigan ng pangalang Bora... Cai...

At sinasabing doon nagmula ang lugar ng Boracay.

## Maikling Kuwento

***Mga Layunin:***

- *Nakapagsunod-sunod ng mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa pangungusap.* ***(F1PN-III-d-8.2)***
- *Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggan sa kuwento/alamat.* ***(F2PS-IIb-3.1.1)***
- *Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento/alamat.* ***(F2PB- II-b-3.1.1)***
- *Nasasagot ang mga tanong na sino, ano, saan at bakit?* ***(F2PN-Id-1.3.1)***
- *Nagagamit ang panghalip na ito, iyan, at iyon* ***(F3WG-Ie-h3.1****)*
- *Nagagamit ang magalang na pananalita sa pagpapaliwanag* ***(F3PS- IIb-12.5)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kwento.* ***(F3PN-k-j-3.11)***
- *Naiguguhit ang mensahe ng napakinggang parabola/alamat.* ***(F3PN-Ic-1.4)***
- *Nakabubuo ng isang kuwentong katumbas ng napakinggang kuwento.* ***(F3PN-IIj-10)***

- *Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari (ano, sino, saan, ilan, kalian, ano-ano, sino-sino)"* ***(F3WG-IVab-6)***
- *Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig.* ***(F3PN-IVi-16)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento.* ***(F3PN-Ic-j-3.1.1)***
- *Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento.* ***(F3PB-IIi-14)***
- *Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan.* ***(F3PN-IIIe-7)***
- *Naiuulat nang pasalita ang naobserbahang pangyayari.* ***(F3PS-IVi-3.1)***
- *Nakikita ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita.* ***(F7PN-Id-e-3)***
- *Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.* ***(F7PB-Id-e)***
- *Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda*
- *Nasusuri ang mga maikling kuwento batay sa estilo ng pagsisimula, pagpapadaloy at pagwawakas ng napakinggang salaysay.* ***(F9PN-IIe-f-48)***
- *Nasusuri ang mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda.* ***(F9PN-Ia-b-39)***
- *Napagsunod-sunod ang mga pangyayari.* ***(F9PU-Ia-b-41)***
- *Nahihinuha ang damdamin ng mga tauhan batay sa diyalogong napakinggan.* ***(F9PN- 11c- 46)***
- *Napapatunayang ang mga pangyayari sa akda ay maaaring maganap sa tunay na buhay.* ***(F10PB-If-g-67)***
- *Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari batay sa kanilang karanasan.* ***(F10PN-If-g-66)***

**REGALO KAY NANAY**
**(Pabula)**

nina: Lalaine L. Quimpo, Remelin M. Mariano, Cheryl P. Bautista, Ivonie E. Domingo at Eden F. Cristobal

Araw noon ng mga ina nang maisipan ni Meng-meng, isang pusa na bigyan ng regalo ang kaniyang ina para ipakita niya kung gaano niya ito kamahal. Nag-isip siya kung ano ang ibibigay dito. Naglakad-lakad siya at nagbakasakaling may makita na maaaring gawing regalo.

Sa kaniyang paglalakad sa plasa ng Altavas, nakakita siya ng mga gamit na maaring gawing basket. Ito ay mga mais, pulang tela, isang kumpol ng bulaklak at laruang tumutunog. Napakasuwerte niya talaga at nakita niya ang mga ito.

Gamit ang mga nakitang bagay, naisipan niyang gawin itong espesyal. Biglang dumating ang manok na malungkot ang mukha. "Bakit ka malungkot kaibigang manok," tanong nito? "Hindi ko kasi makita ang mga mais ko, dito ko lang iniwan ngunit wala na ito," mangiyak-ngiyak nitong sabi. "Para saan ba iyong mga mais mo," tanong ni Meng-meng? "Para sa mga anak ko," malumanay na sagot ng manok. Hindi na nagdalawang isip na kinuha at ibinigay ni Meng-meng ang mga mais sa manok. Ipinaliwanag niya kung paano niya ito nakita. "Maraming salamat Meng-meng, nagugutom na talaga ang aking mga anak. Sana ay makahanap ka pa ng ibang bagay para sa iyong ina," masayang sagot nito sabay lakad palayo.

Muling naghanap si Meng-meng ng maibibigay sa kaniyang ina. Sa kaniyang paghahanap nakasalubong niya si Owang, isang kalabaw at tila may hinahanap. "Magandang araw kaibigan nagagalak akong makita ka at baka maaari mo akong matulungan?" Ang aking anak ay may sakit at naghahanap siya ng mga bulaklak." "Ako'y mayroong nakita kahapon pero hindi ko na ito

mahanap," pagpapaliwanag ng kalabaw. "Nakita ko iyon kaibigang kalabaw, heto, ihahandog ko sana iyan sa aking ina pero mukhang mas kailangan ito ng iyong anak." Bukal sa kalooban na ibinigay ni Meng-meng ang mga bulaklak. "Maraming salamat kaibigan siguradong matutuwa nito ang aking anak," masayang tugon nito at tumakbo pabalik sa kaniyang tahanan.

Nasiyahan naman ang pusa sa kaniyang ginawa sapagkat nakatulong siya sa kalabaw. Nahagip ng kaniyang paningin ang naggagandahang mga bulaklak. Napakasuwerte talaga niya. Tangkang kukuha siya nang biglang lumabas si Bee, isang bubuyog. "Kaibigan, nagmamakaawa ako, huwag mong kunin iyan, kailangan ko ang mga iyan at ng aking pamilya. Dito lamang kami kumukuha ng pulot (honey) sa araw- araw," nagmamakaawang sabi nito. "Sige kaibigan, patawad hindi ko intensiyon na kunin ang inyong pagkain. Nais ko sana itong gawing regalo sa aking ina".

Naisip na lamang ng pusa na lagyan nalang ng palamuti at pulang tela ang kaniyang nakitang basket nang narinig niya ang malungkot na huni ng ibon. "Bakit ka nalulungkot kaibigan," tanong nito? "Hindi ko kasi mahanap ang aming munting tirahan, ang aking asawa ay wala nang paglalagyan ng kaniyang mga itlog." "Meron ako dito. Gagawa sana ako ng basket para sa aking ina pero sa tingin ko mas kailangan mo ito."

Ngayon, hindi na siya makakagawa ng basket. Nagpapahinga siya sa ilalim ng puno nang dumating ang tuta. "Awww! awww! awww!" tahol ng tuta. "Anong hinahanap mo kaibigan, laruan ba na tumutunog," tanong niya sa tuta? "Oo, dahil naiwala ko ito kagabi habang naglalaro ako sa ilalim ng liwanag ng buwan." "Ito ba iyon kaibigan?" Ipinakita niya ito sa tuta. "Ito nga, maraming salamat kaibigan!" Wala na siyang makitang maaaring iregalo kaya naisipan

niyang umuwi na lamang. Nanghihinayang siya na wala na siyang maireregalo sa kaniyang pinakamamahal na ina.

"O Anak ko, kanina pa kita hinahanap! Maraming salamat sa pinakamagandang regalo!" masayang tugon ng ina. "Pero nay, wala akong regalo sa iyo," nagtataka niyang sabi. "Oo, alam ko ang mga nangyari. Ang mga kaibigan mo ay pumunta rito para magpasalamat sa pagiging mabuti mo anak. Iyan ang tunay na regalo, ang pagmamahal sa kapwa, pagmamalasakit at pagtulong sa iba. Wala ka mang regalong materyal pero napatunayan mo ang pagkakaroon ng magandang kalooban at iyon ang pinakamagandang regalo na aking natanggap sa araw ng mga ina," masayang tugon ng ina.

## ANG PUTING BATINGAW NG JIMENO (Altavas)

ni: Meralyn P. Gilesanga

Ang kwento tungkol sa puting batingaw ng ating bayan ng Jimeno na ngayon ay tinatawag na Altavas ay nagmula pa sa panahon ng mga Moros. Palaging nilulusob ng mga pirata ang mga bayan sa baybayin. Binibihag nila ang mga lalaki upang maging alipin at ang mga babae naman ay binibihag din nila para maging asawa ng kanilang datu. Upang makaiwas sa mga kamay ng mga Moros, ang mga tao ay pumunta sa gubat sa bandang hilagang bundok ng Pulilan malapit sa ilog ng Ginictan.



Sa bago nilang tirahan, napag-usapan nilang maghulma ng batingaw upang magbigay ng babala sa kanila kapag paparating na ang mga Moros. Tinipon nilang lahat ang kanilang mga pilak at tinunaw nila ito upang gawing batingaw. Nang matapos nilang gawin ito ay maputi at kumikinang dahil yari ito sa pilak at kapag pinapalo umaabot ang tunog nito sa dagat Sibuyan sa sobrang lakas. Nagtayo din sila ng tore na gawa sa kawayan sa mataas na bundok at doon nila ikinabit ang batingaw.

Nang huli may nakitang 25 na mga Vintas ng mga Moros na paparating. Pinalo ang batingaw at mabilis na lumisan ang mga tao sa bukid. Kinuha ng mga kalakihan ang batingaw at gusto nilang dalhin ito sa kabundukan pero masyadong mabigat ito at mahirap buhatin kaya para hindi makuha ng mga Moros ang batingaw, inihagis nila ito sa malalim na bahagi ng Ilog ng Agbalili. Tinawag nila ang lugar na Bucayan na ang ibig sabihin ay "ang puti na bagay" na ang tinutukoy ay ang puting batingaw.

## TIYAGA...PUHUNAN SA TAGUMPAY

ni: Maricel T. Crispino

Ang Bagong Barrio ay isang liblib na lugar sa bayan ng Makato. Ito ay matataas na bundok na may patag na bahagi. Ang mga bahay dito ay magkakalayo ang agwat. Karamihan sa bahay ay gawa sa pawid at kawayan. Kung tag-ulan maputik ang daan at kung tag-init ay halos hindi mo na makita ang iyong dinadaanan dahil sa kapal ng damo at ligaw na halamang tumutubo sa gilid ng makipot na daan. Motorsiklo ang tanging transportasyon sa lugar na ito. Ang tanging ikinabubuhay ng mga tao dito ay pagtatanim ng mga halamang ugat kabilang na dito ang kamote, kamoteng kahoy at gabi. Ang mga produktong nakukuha nila mula rito ang pantawid gutom nila sa araw-araw

at dinadala sa bayan upang ibenta sakay sa motorsiklo o habal-habal. Sa baryong ito nakatira ang mag-asawang Mang Kardo at Aling Aida. Sila ay nabiyayaan ng isang anak na nagngangalang Liza. Bata pa lang si Liza ay may pangarap na siyang maging isang guro upang makapagturo sa mga bata sa kanilang lugar.

Sa una, napakahirap para kay Liza ang hangaring makapagtapos ng pag-aaral dahil sa antas ng kanilang pamumuhay. Tiniis ni Liza ang pagod at hirap sa mahabang lakarin patungong eskwelahan. Ang paglalakad nang mahigit isang oras ay hindi naging hadlang upang manguna siya sa klase.

Sa tuwing matatapos ang klase, bawat isang estudyante na makakasama ni Liza ay mag-uunahan na makalabas ng geyt. Nagmamadali sila sapagkat malayo pa ang lalakarin nila pauwi sa kanikanilang bahay. Kahit pagod sa klase pakanta-kanta pa si Liza sa paglalakad. Pagdating sa bahay, laking gulat niya nang nadatnang humahagulhol ang ina. Sinipat ng kanyang mga mata ang kabuuan ng bahay at nakita niya ang nakahandusay na katawan ng ama. Kuwento ng kapitbahay, natagpuan ang itay nito sa bukid na wala ng buhay. Hindi na ito nadala pa sa ospital sapagkat sadyang napakalayo ng bahay sa bayan.

Isang matinding hamon sa buhay nina Liza ang pagkawala ng ama nito. Nagpatuloy ang buhay nilang mag-ina kahit sobrang hirap dahil wala ng katuwang pa sa pagtarabaho sa bukid. Maagang gumigising si Liza. Pinakakain muna ang mga alagang hayop at pagkatapos ay nagluluto siya ng mga kakanin na ibinebenta sa mga kaklase para may pambili ng mga gamit sa paggawa ng proyekto. Sa ganitong paraan nakatutulong siya sa ina.

Sa kabila nito, naging masigasig pa rin si Liza sa pagpasok sa eskuwelahan. Hindi maiiwasang minsan ay mahuli sa klase sa sobrang layo ng lalakarin nito para makaabot sa eskwelahan. Ganito ang araw-araw na buhay ni Liza hanggang sa makapagtapos ito sa sekundarya. Hindi dito nagtapos ang laban niya sa kahirapan.

Ipinagpatuloy ni Liza ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Ang bawat butil ng pawis na nakikita niya sa noo ng ina ay nagsisilbing inspirasyon niya para nagpursigeng makatapos. Nagbebenta pa rin siya ng mga kakanin para may maidagdag sa kanyang pangmatrikula. Tuwing araw ng tinda sa bayan, tinutulungan niya ang ina na magbitbit ng mga kamoteng kahoy upang ibenta.

Apat na taon ang lumipas at nakapagtapos si Liza ng pag-aaral. Labis na ikinagalak ng ina nang naging ganap na siyang guro.

Sa wakas, unti-unti na niyang nakamit ang kaginhawaan sa buhay dahil sa sipag at tiyaga. Siya ngayon ay nagtuturo sa Bagong Barrio Integrated School.

**KASTILYONG BUHANGIN**

ni: Marry Christ P. Pablo

Umaga ng lunes, painat-inat na tumayo sa higaan si Antonio. Gusto n'yang pumasok sa klase ngayong araw ngunit taliwas dito ang kanyang katawan. Puyat siya, tila ayaw pang imulat ang mga mata habang papunta ng banyo para maligo. Pinilit niyang labanan ang antok at tapusin na rin ang pagligo.

"Magandang umaga klase! Magandang buhay,"nakangiting pagbati ng guro sa kanyang klase. "Magandang umaga din po Bb. Santos! Magandang buhay," masayang tugon ng mga bata. Siya namang pagpasok nang nakatungong si Antonio. Binati siya ng guro at pinaupo sa kanyang upuan.



Buhay na buhay ang klase ni Bb. Santos sapagkat tinalakay nila ang iba't ibang kaugalian ng kanilang lugar. Maliban kay Antonio na hindi man lang natinag sa pagkakaupo habang pahikab-hikab dahil sa antok. Natapos ang klase na hindi man lang siya nakilahok sa talakayan.

Kinabukasan, maagang pumasok si Antonio. Sabik na sabik siyang mag-aral ngunit di pa man natatapos ang unang klase nakaramdam siya ng antok hanggang siya'y makatulog. Napuna ito ng kanyang guro ngunit hinayaan lamang siya nito.

Pagkatapos ng klase nilapitan ng guro ang mahimbing na natutulog na bata. Malumanay niya itong ginising. Nagulat si Antonio ng makita ang kanyang guro. "Ma'am pasensya po kung nakatulog ako sa klase n'yo hindi ko po iyon sinasadya," hinging paumanhin ng bata. " Masama ba ang pakiramdam mo Antonio?" tanong ng guro. "Hindi po ma'am. 'Wag po kayong mag-alala inaantok lang po talaga ako."sagot nito sa kanyang guro. Ngumiti ang guro sa tinugon ng bata ngunit sa isip nito alam niyang may pinagdadaanan ang kanyang mag-aaral. Palagi na lamang itong inaantok sa klase. Kung minsan natutulog o di kaya'y lumiliban.

Anak ng isang pamilya ng aeta/ati si Antonio sa isla ng Boracay. Alam niyang pinagsusumikapan itong pag-aralin ng kanyang mga magulang kahit sila'y kapos sa pangangailangan. Ang tanging alam niya na ginagawa nito'y, pagsapit ng hapon tumutuloy ito sa dalampasigan upang nagbenta ng mga borloloy, mga kwintas na yari sa mga naggagandahang kabibe na ibinebenta n'ya sa mga turista sa isla. Nabatid niya ring nais makapagtapos ng bata sa pag-aaral at maging matagumpay balang araw. Napailing na lang ang guro sa mga bagay na pumapasok sa kanyang isipan.

Nang sumunod na araw , hindi na nga nakapasok pa ang bata. Hanggang matapos ang buong linggo hindi na ito nagpakita. Lubos na nag-aalala si Bb. Santos. Nagtanong-tanong siya sa kaklase ni Antonio ngunit wala itong maibigay na kasagutan.

Araw ng sabado, napagpasyahan ni Bb. Santos na mamasyal sa dalampasigan . Tuwang-tuwa niyang pinagmamasdan ang naggagandahang kastilyong buhangin na gawa ng mga bata. Nilapitan niya ito upang suriin at laking gulat n'ya nang mapagsino ang batang gumagawa gayundin ang bata nang makita ang guro.



"Ma'am magandang umaga po, pasyensya po kung ilang araw na akong lumiliban sa klase ninyo. Ito po kasi ang ginagawa ko upang kumita ng pera na pandagdag sa pambili ng pangangailangan ng pamilya namin. Minsan po paghindi sapat ang kita ko sa umaga, nagtatrabaho po ako sa gabi kaya lagi po akong puyat sa klase at minsan nakakatulog na rin. Kailangan ko pong kumita ng malaki upang may ipantustos sa pag-aaral ng mga nakakabata

ko pang mga kapatid. Ako lang po kasi ang inaasahan ng nanay ko dahil nagkasakit ang tatay ko," paliwanag ng bata.

Naantig ang damdamin ng guro sa sinabi ng bata. Ngayon nauunawaan na niya kung bakit napapabayaan ng bata ang kanyang pag-aaral. Kinausap niya ito ng masinsinan. "Antonio, alam kung mahirap ang sitwasyon mo ngayon, wag mong kalimutan na may Diyos tayong handang makinig at tumulong sa oras ng pangangailangan. Pahalagahan mo rin ang iyong pag-aaral sapagkat ito ang magiging susi mo upang magkaroon ka ng maliwanag na kinabukasan, " paalala ng guro.

"Salamat po ma'am sa payo ninyo. Hayaan n'yo po, sisikapin kung pumasok araw-araw at ipinapangako kong pagbubutihin ko ang aking pag-aaral hanggang ako'y makatapos," tuwang tugon ng bata. "Alam mo din ba Antonio na sa murang edad mo ngayon, hindi ka dapat magtrabaho sapagkat ikaw ay dapat nasa paaralan at nag-aaral. Hayaan mo dadalawin at kakausapin ko ang iyong mga magulang tungkol sa mga bagay na ito. Inaasahan ko na papasok ka na araw-araw." dagdag pa ng guro.

Nagpasalamat si Antonio sa mga payo na ibinigay sa kanya ng kanyang butihing guro. At mula ng araw na iyon, ipinangako n'ya sa sarili na magsusumikap siyang mag-aral ng mabuti at ibalanse ang pag-aaral sa paghahanapbuhay. Lubos din ang tuwa ng kanyang guro sapagkat nagsilbi siyang inspirasyon sa kapwa niya katutubo gayundin sa kanyang mga kamag-aral at mga kabataan.

***BIYAHENG NABAS***

Bakasyon na naman. Umuwi kaming lahat sa probinsya. Napagkasunduan ng lahat ng miyembro ng pamilya na pumunta sa lugar na kung saan ay maraming malalalamig na batis at kung saan dinadaos ang Bariw Festival. Kaya naman lahat kaming magkakapatid ay nanabik ng husto at maaga kaming natulog lahat. Maaga din kaming nagising, naghanda ng aming pagkaing dadalhin at siyempre hindi mawawala doon ang mga kasuotang panligo.

"Hali na kayo at sumakay na sa sasakyan," ang sabi ng aming ama. "Wala na kaya tayong nakalimutang bitbitin?" tanong naman ni ina. "Wala na po inay," mabilis na sagot ni kuya at bagaman ay kanina pang gustong umalis. "Sana marami tayong mapuntahang lugar at maging isa ito sa mga hindi ko makakalimutang biyahe," sambit ko na lamang habang ang lahat ay masinsinang nakatuon ang atensyon sa aming dinadaanang kalsada.



Papasok na kami sa bayan ng Nabas nang nadaanan namin ang munisipyo nito na sa tapat lamang ay makikita ang monumento ni Rizal na may mga nagtatakbuhang bata na kumuha ng aking atensyon. Iyon ay itinayo daw bilang pag-alala sa kontribusyon na ginawa ni Dr. Jose Rizal para sa ating bansa. Tumigil saglit si ama sa pagmamaneho sa bandang unahan nito at may bibilhin umano. Nabasa ko ang nakasulat Palomata Travellers Inn. Paglabas ni ama mayamaya ay may bitbit na ito. Iyon pala ay lomi at Paquito burger daw na kakaiba sa lagi naming binibili dahil napakalaki nito.

Lumiko kami pagdating sa barangay Toledo. Ito na daw ang papunta sa lugar na aming kinasasabikan. Nadaanan namin ang Fern Valley, Manyuko Cold Spring, Basang Cold Spring at ang Hurom-Hurom Cold Spring na siyang paliliguan namin. Sobrang ganda ng tanawin. Malayong-malayo sa kinagisnan namin sa siyudad. Ito palang barangay ng Laserna ay mayaman sa mga anyong-tubig na karamihan ay batis na sobrang lamig ng tubig. Pinuntahan din namin ang Basang Cave na mamangha ka talaga sa loob nito sa ganda ng pormasyon ng mga batong makikita.





Bandang hapon ay nagkayayaan na puntahan rin ang Pawa Windmill. Ito ay makikita sa barangay Pawa. Nasa itaas ito ng mga bundok na kinukunan ng enerhiya ng kuryente. Mamamangha ka pagkat makikita mo rito ang ibabang tanawin lalo na ang dagat. "Napakaganda di ba?" tanong ni ama." "Opo," sabay-sabay naming sagot.





Bago kami umuwi dinaanan din namin ang Bahari Beach Resort at Gailtian Beach Resort na nasa barangay Union lamang. Ang mga lugar na iyon ang binabalak ni ama na babalikan namin sa susunod na bakasyon.



"Salamat po inay at itay," sambit naming magkakapatid sa kanila. Napakasaya ko talaga pagkat ngayon pa lamang ako nakaranas ng ganitong paglalakbay at iyan ay hinding-hindi ko makakalimutan.

## Epiko

***Mga Layunin:***

- *Naiuulat nang pasalita ang naobserbahang pangyayari.* ***(F3PS-IVi-3.1)***
- *Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig.* ***(F3PN-IVi-16)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento.* ***(F3PN-Ic-j-3.1.1)***
- *Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento.* ***(F3PB-IIi-14)***
- *Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan.* ***(F3PN-IIIe-7)***
- *Nakikita ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita.* ***( F7PN-Id-e-3)***
- *Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.* ***(F7PB-Id-e)***

# SI KABAYAW

*Epiko ng Panipiason*
ni: Jay-ann A. Terrano
inayos ni: Christian Joy Victoriano

Noong unang panahon, may isang kilalang taong nakatira sa Panipiason. Siya ay si Kabayaw - isang mangangaso sa bundok. Siya ay nakatira sa kuweba na makikita sa *May Santos* kung saan may batong nakaukit na Santo na may hawak na Bibliya. Siya ay may bahay rin sa *Tawutog*- isang liblib na lugar na makikita sa kabundukan at pinangagalingan ng tubig na umaagos sa ilog ng Dumalaylay. Siya ay matangkad, matipuno ang pangangatawan at may mahabang bigote at buhok. Mayroon siyang anting-anting o (Hunong- Hunong) sa katawan na pananggalang sa kaaway at panlaban sa mga mananakop na mga nakatira malapit sa ilog Dumalaylay. Mayroon siyang kapangyarihan at lakas. Kaya niyang magtago na hindi nakikita ninuman, kaya niyang harapin ang sinumang humahamon sa kanya na hindi siya nasusugatan at nasasaktan kahit na siya ay tagain, hagisan ng tabak at kahit barilin man. Matapang siya at kinatatakutan ng lahat. Mayroon siyang tatlong asawa at mga alagang aso na dala-dala niya kahit saan man siya magpunta.

Isang araw, dumating ang isandaang sundalong mananakop galing sa ibang bansa na kung tawagin ay *Siyao*. Hinanap siya at pinagtangkaang patayin kung makikita. Dahil noong unang panahon, inuusig at pinapatay ang sinumang may kapangyarihan at anting-anting. Noong nalaman ni Kabayaw na hinahanap siya ng mga ito, siya ay nagtago sa *May Santos* na tinatawag na kipot na lawa ng Dumalaylay. Mahirap ang daan papunta roon, hindi maakyat kung nasa ilog ka at hindi rin mapuntahan kung sa bundok daraan sapagkat sadyang napakahirap ng daanan. Sa kanyang pagtatago, dala-dala niya ang kanyang mga asawa at mga aso. Inilagay niya ang mga ito sa malaking sisidlan na tinatawag na *Hueak*- isang sisidlan na gawa sa balat ng malalaking punong

kahoy at dinala niya ang mga ito sa *Nanaw*. Noong nakita niya ang isang daang sundalong mananakop sa pampang ng ilog Dumalaylay, kumuha siya ng tatlong malalaking bato at kanyang tinumpok. Inilagay niya ang kanyang mga asawa at mga aso doon. Hinintay niya ang isandaang sundalong mananakop na lubusang makalapit sa kanya. Pagdating ng mga sundalo ay agad siyang tinanong kung saan ang bahay ni Kabayaw. Sumagot siya, "Kung si Kabayaw ang hinahanap ninyo, wala siya rito, doon siya nakatira sa *May Santos* sa *Nanaw*." Kung gusto ninyo'y ihahatid ko na lang kayo sa bahay niya. Pagdating sa *May Santos*, sinabi ni Kabayaw na doon pa sa malayo ang bahay niya. "Wala tayong ibang pwedeng madaanan kundi dito sa malalim na lawa." Hindi nila alam na si Kabayaw na pala ang kanilang kaharap.

Pagdating sa pampang ng lawa, sinabi ni Kabayaw na siya muna ang maunang lumangoy dahil napakalalim ng tubig. "Tutulungan ko na lang kayo kung hindi ninyo kayang lumangoy sa malalim na tubig." Inihabilin ni Kabayaw sa kanila na paisa-isa lang silang lumangoy papunta roon para matulungan sila. Kung sabay-sabay silang lalangoy ay baka sabay-sabay rin silang malunod sapagkat hindi niya kayang pagsabayin ang mga ito. Binilang ni Kabayaw kung ilan lahat ang mga sundalong lalangoy papunta sa kanya. Ang ginawa ni Kabayaw ay nagtago siya sa bato at kamay lang niya ang makikita ng mga sundalo. Ang unang lumangoy ay tinaga niya ng *Iwa na Mahiko*-isang matulis na sundang na hanggang siko ang haba. Kapag napatay na niya ito ay kanyang itinatapon sa lawa na parang timba para hindi makita ng kanyang mga kasama. Hindi tinatangay ng agos ng tubig ang patay na tao kapag sa lawa ito itinapon. Ganoon din ang ginawa niya sa mga sumunod na lumangoy hanggang sa maubos ang siyamnapu't walong mga sundalong mananakop. Nang isa na lang ang matira sa mga sundalo, ay sumigaw si Kabayaw na tanging ito na lang ang natitira sapagkat ang mga kasama nito ay nakatakas na. Nang lumangoy ang huling sundalo papunta kay Kabayaw ay tinulungan niya ito. Sinabi niya na siya

na lamang ang natitirang buhay sapagkat patay na lahat ang kanyang mga kasama. “Kung si Kabayaw ang inyong hinahanap at balak patayin, wala na kayong magagawa dahil ako si Kabayaw na inyong hinahap at natagpuan. Simula ngayon, huwag na kayong pumunta dito sa Dumalaylay dahil papatayin ko kayong lahat. Hindi ako papayag na sakupin ng mga dayuhan ang Dumalaylay.” Itinali niya kaagad ang natirang sundalo, hiniwa ang tainga at bibig pati na rin ang mga kasama niyang siyamnapu’t siyam. Kinuha ni Kabayaw ang mga katawan ng mga patay na tao sa lawa at hiniwa-hiwa ang mga ito sa harap ng natira nilang kasama.

Pagkatapos na paghiwa-hiwain, tinuhog niya ito ng baging na tatlong metro ang haba. Tinanong ulit ni Kabayaw ang sundalong ito kung ilan sila lahat. “Pito kaming ka sakayan, gin abangan it kamurusan, gingirangan it durunggan, tatlong bara’y tinuhugan” ang sagot ng sundalo. Ibig sabihin: “Pitong barko ang aming sinakyan, inabangan kami ng may kapangyarihan , hiniwa ang mga tainga at tatlong metro ang tinuhugan”. Turan naman ni Kabayaw, ”Pito kaming ka lalaki, ako’y ginbutang nga haligi, ginsuwawo ginsumali sa budyak nga kulili”. Ibig sabihin: “Pito kaming magkakapatid at ako ang tumayo bilang isang ama sa kanila, nabubuhay sa pakikipaglaban gamit ang kulili o matulis na sundang”. Sa huli, pinauwi na lang ni Kabayaw ang isang sundalong natira at sinabihan na huwag na silang muling bumalik pa. Simula noon ay wala nang mananakop at umuusig sa mga lugar na kinasasakupan ng Dumalaylay dahil natatakot sila kay Kabayaw. Kaya ang mga tao ay nanatiling namumuhay na mapayapa sa Panipiason at ganoon din sa mga lugar na kinasasakupan ng ilog Dumalaylay.

# Paniniwala/Tradisyon

**Mga Layunin:**

- *Nababasa ang mga salitang madalas na makikita sa paligid.* ***(F2PP-IVb-2.1)***
- *Naiuulat nang pasalita ang naobserbahang pangyayari.* ***(F3PS-IVi-3.1)***
- *Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig.* ***(F3PN-IVi-16)***
- *Nababago ang sariling damdamin at pananaw sa mga bagay-bagay batay sa binasang teksto.* ***(F3PL-0a-j-6)***

## PAPUKAW

ni: Romano B. Casuncad

Maliit lang ang bayan ng Buruanga ngunit masasabing mayaman ito sa mga tradisyon at kultura na minana pa mula sa mga ninuno. Isa na rito ang pagpapahalaga sa bawat kasapi ng pamilya. May pagmamahalan at pagtutulungan sa mga gawain sa loob ng tahanan. May pagdadamayan sa oras ng problema. Ito ang dahilan kung bakit masaya ang pamumuhay ng bawat pamilya. Ngunit hindi maiiwasan na minsan ay dumarating ang panahon na nalalagasan ng isang kasapi ang isang pamilya. May pagkakataon na biglaan lamang ang pagpanaw nito na hindi alam kung ano ang kadahilanan.

Sa baryo ng Santander ay may kakaibang ritwal na ginagawa ang isang albularyo. Marami ang dumarayo upang isangguni ang kanilang nais malaman. Upang masagot ang mga katanungan sa kanilang mga isipan ay ginagawa ng isang albularyo ang tinatawag na "pukaw". Ito ay ang pakikipag-ugnayan ng

mga taong buhay sa taong namatay na. Gumagamit ang albularyo ng mga sangkap tulad ng telang itim, buhangin at isang maikli na buong kawayan. Habang nakikinig ang ibang kasapi ng pamilya ng namatayan ay iisa lamang ang taong kakausap sa kaluluwa ng taong pumanaw na. Sa pagsisimula ng ritwal ay tatawagin ng albularyo ang pangalan ng namatay at susuyuing umakyat ng bahay. Biglang manghihina ang albularyo na sabay itong hahawakan sa daliri ng taong kakausap na parang ginigising habang isa-isang binabanggit ang mga pangalan ng mga anak o 'di kaya'y pangalan ng asawa. Kapag ang kaluluwa ay sumagot ay ito na ang pagkakataong makakapagtanong ang pamilya nito. Dito na niya sasabihin ang dahilan kung bakit siya namatay ng walang dahilan.

## "SINDA"

ni: Romano B. Casuncad

Maraming nangyayaring kababalaghan sa mundo ang hindi kayang ipaliwanag ng mga eksperto maging ng agham. May mga bagay na ating nakikita at naririnig na hindi kapani-paniwala subalit nangyayari sa kasalukuyan saan mang dako sa Pilipinas. Ito nga ba ay totoo o di naman kaya'y kathang-isip lamang? Kung kaya'y sakaling may naramdaman na kakaiba ay agad sa doctor dinadala. Ngunit sa mga probinsiya lalo na sa bayan ng Buruanga ay marami ang naniniwalang kapag hindi kayang gamutin ng mga manggagamot ay albularyo ang solusyon.

Ang mga matatanda ay naniniwala na may mga nilalang na hindi natin nakikita tulad ng mga kapre, agta, uko, nuno, engkanto at "bulalakaw". Ayon sa kanila ang mga nilalang na ito ay may kani-kanilang taglay na kapangyarihan. Makikita lamang sila kapag gusto nilang magpakita sa tao. Kalimitan daw itong makikita pagsapit ng dilim lalong-lalo na kapag maliwanag ang buwan. Ang "bulalakaw" ay nakikita lamang sa gabi dahil nasa anyong bolang apoy ito na

siyang sinasabing ito raw ang kanilang buhok. Ito ang madalas na itinuturong dahilan ng mga tao na nagiging sanhi ng tinatawag nilang “sinda”.

May mga paniniwala rin na bawal ang pumunta at mag-ingay sa gubat lalo na sa katanghaliang-tapat dahil baka ikaw rin ay “masinda”. Isang sinyales daw nito ay ang pagsakit ng ulo kasabay ng biglaang paglabas ng dugo sa ilong at pagsusuka ng dugo ng wala namang dahilan. May mga sangkap na ginagamit ang albularyo tulad ng luya at telang pula. Sisimulan ng albularyo ang ritwal sa pagpukpok ng kutsara sa pinggan o anumang bagay na metal upang makalikha ng malakas na ingay at tatawaging lumapit ang mga nilalang na naging sanhi nito.

# Selebrasyon (Festival) at Makasaysayang Pangyayari

***MGA LAYUNIN:***

- *Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto* ***(F1PS-IVc-6.3)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang tekstong pang impormasyon* ***(F1PN-IVj-7)***
- *Nagagamit ng wasto ang pangalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao at lugar* ***(F1WG-IIc-f-2)***
- *Nakapagbibigay ng sariling hinuha sa napakinggang kuwento.* ***(F2PN-IVj-12)***
- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kwento.* ***(F3PN-k-j-3.11)***
- *Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari* ***(F3WG-IIa-b-6)***
- *Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring napakinggan.* ***(F3KM-Ij-4)***
- *Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan* ***(F3PB-IIa-1)***
- *Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring naobserbahan sa kapaligiran* ***(F3KM-IIi-4)***
- *Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring napanood* ***(F3KM-IIIb-f-4.1)***
- *Naiuulat nang pasalita ang naobserbahang pangyayari* ***(F3PS-IVi-3.1)***
- *Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)* ***(F3PB-IIb-e-4)***
- *Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan* ***(F3PN-Ig-6.1)***

**Ang Pistang Binabalik-Balikan : Altavas Ati-atihan**

ni: Meralyn P. Gilesanga

Ang Altavas ay isang munisipalidad ng Aklan na binubuo ng labing apat na barangay. Ito ay may maraming pook pasyalan na nakakabighani pero ang isang binabalik-balikan ng mga balikbayan ay ang pagdiriwang nila ng kanilang Ati-Atihan Festival.

Nakagawian na nila itong idaos tuwing ika-21-22 ng Enero. Sa pagdiriwang na ito, naipapakita ng mga Altavasnon ang kanilang pananampalataya kay Sr. Sto. Niῆo, ang kanilang patron. May ibat ibang sayaw na ipinapakita na kinalalahukan ng ibat ibang grupo sa ibat ibang kategorya. Dito din naipapakita ang kaugalian ng mga katutubong ati sa pamamagitan ng pagpapahid ng uling sa buong katawan ng mananayaw. Nakaugalian din dito ang paghahanda ng mga masasarap na pagkain na ang pinakatampok ay ang litsong baboy at ang pinakaespesyal sa lahat ay ang Puto Tostado na tatak ng Altavas.





Maraming dumadayo sa pagdiriwang na ito kabilang na dito ang mga balik-bayan at mga dayuhan na galing pa sa ibat-ibang panig ng mundo. Dito rin naipapakita ang pagkakaisa ng mga Altavasnon at ang pagiging “hospitable” o ang pagiging bukaspalad sa pagtanggap ng mga bisita.

Totoong ibat-iba ang pamamaran ng pagdiriwang ng Ati-atihan sa ibang bayan ng Aklan pero ang pinakaborito kong balik-balikan ay ang Altavas Ati-Atihan.

**Ibajay Ati - ati Festival**

Ang Ibajay ay binubuo ng dalawang parokyang Katoliko ito ay San Pedro at ng Sta. Rita ng Cascia. Sa dalawang parokya, San Pedro ang pinakamalaki. Ang parokya ng San Pedro ay nagdiriwang ng dalawang kapistahan, ang kapistahan ng San Pedro at ang relihiyosong kapistahan ng Sto. Niño sa bayan ng Ibajay.

Ang pagdiriwang ng kapistahan ng Banal na Anak na si Sto. Niño ay kaugnay sa pagdiriwang ng ati-ati sa loob ng 350 taon na ang nakalipas. Kristiyanismo ang nagpasimula nito. Dito nakilala ang Pilipinas. Ang terminong "ati" ay kunwaring "ati" dahil ang mga tao ay nagpapaitim ng kanilang sarili gamit ang abo, sadya para sa okasyon.

Ang tunay na "ati" ay tumutukoy sa mga "negritos" o "aetas", payak at maliit na tao na katutubo ng bansa. Ang mga ito ay mga taong layas na nakatira sa gitna ng mga bundok at dalisdis ng burol ng Panay, isang malaking isla sa gitnang Pilipinas.



Ang mga ito ay walang kinalaman sa selebrasyon na ito, ayon sa pahayag ng mga mananalaysay.

Ayon sa kuwento ng mga matatanda, ang imahe ng Sto. Niño ay nawawala kung minsan. Mula taong 1950, sa dambana ng parokya ng simbahan lamang matatagpuan ang imahe. Subalit, may mga pagkakataon na natatagpuan ito sa lupa at sa madamong parke ng bayan. Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang pagsamba kay Sto.Niño ng komunidad ay sa pamamagitan ng pagparada ng nasabing imahe sa mga kalye sa bayan ng Ibajay.



Nang lumaon, ang mga opisyal ng bayan ay nagmungkahing na habaan at lawakan ang dinadaanan ng parada. May mga nagdarasal, nag aayuno, naglalagay ng abu sa katawan, at nagsusuot ng kung ano anong damit gaya ng ginawa ng mga tao sa Nineveh sa kuwento "Jonah". Magmula noon hanggang ngayon, ang nakagawiang ito ay ginagawa na ng mga Ibayhanon.

Ibajay Ati-ati ay ipinagdiriwang tuwing ika-4 na linggo ng Enero.

## ANG TINU-OM NI AEWAG FESTIVAL

Mary June N. Ningal

Ang Tinu-om ni Aewag Festival ay isa sa mga selebrasyon na ipinagdidiriwang sa Bayan ng Madalag tuwing ika-30 ng Hulyo.

Noong unang panahon ang Madalag ay pinamumunuan ni Datu Aewag. Sa panahon ng kanyang pamumuno, natuklasan ng mga katutubong Madalagnon ang kakaibang paraan ng pagluluto ng manok, isda at hipon. Tinawag nila itong "Tinu-om."

Ang paraan sa pagluluto ng "tinu-om" ay nagpasalin salin na sa iba-ibang henerasyon hanggang sa kasalukuyan. Binabalot ang manok, isda, o hipon kasabay ng iba pang pampalasa sa dahon ng saging. Tinatalian ito para maging supot at niluluto sa nagbabagang uling. Nagbibigay ito ng mabangong amoy at masarap na lasa.

"Tinu-om" ang sumisimbolo sa simpleng pamumuhay ng mga tao sa Madalag- may katahimikan, puno ng pag-asa, at may paniniwala sa Diyos.

## ANG PAGKAMATAY NI KUMANDER "AMANG" SUYOD

ni: Romano B. Casuncad

Si Saturnino Suyod o mas kilala bilang Kumander "Amang" Suyod ay isang ordinaryong tao ngunit siya ay sumalungat sa mga patakaran ng pamahalaan. Siya ay naging lider ng isang grupo ng rebelding NPA. Siya ay nagmula sa Maloco, Ibajay, Aklan. Pinamunuan niya ang kanilang hukbo sa loob ng humigi't

kumulang isang taon. Namalagi ang mga rebelde sa kabundukan ng Tag-osip, isang baryo sa bayan ng Buruanga. Ilan sa mga ordinaryong tao mula sa mga karatig barangay ang kanyang naging mga alagad. Ito ay nagdulot ng matinding takot at pangamba sa buong bayan lalong-lalo na sa baryo ng Tag-osip. May mga taong ipinapatay ang pinuno ng mga rebelde lalo na ang mga nagsisilbi sa pamahalaan.



Walang makuhang impormasyon ang mga sundalong nagsisiyasat dahil hawak niya sa leeg lahat ng mga tao sa kanyang paligid. Kahit ang gurong nagtuturo sa isang paaralan doon ay tikom ang bibig, kahit alam niya ang mga nangyayari sa bundok, dahil sa banta ni "Amang" sa buhay niya at ng kanyang kapamilya. Kung kaya'y pinili niyang manahimik alang-alang sa kapakanan ng kanyang buong mag-anak. Ayon sa guro, gabi-gabi ay may pamilyang nakatuka na pinupulong ni Kumander Suyod. Habang ginaganap ang pagpupulong ay pakakainin ng pamilya ang lahat na kasapi na rebeldeng grupo. Paminsan minsan ay pinapasok ni "Amang" ang silid-aralan upang kausapin ang mga bata.

Isang araw, habang nasa kuta ang mga rebelde ay hindi inaasahan ng lider na nakita ng isa niyang alagad ang papel na listahan ng mga pangalan ng mga taong papatayin. Isa sa nakatakda ay ang pangalan ng isang hepe ng pulisya na si Hepe Tito E. Patricio. Nagkataon naman na tiyuhin siya ng nasabing alagad. Dahil dito nag-isip siya ng paraan upang hindi matuloy ang masamang

balak ng kanilang pinuno. Binaril niya si Kumander "Amang" Suyod habang nakatalikod. Malubha ang tama ng pinuno kaya agad itong namatay.

Ang pagkamatay ng pinuno ng rebeldeng NPA noong Agosto 1989 ang naging hudyat sa mga sundalo upang umakyat sa bundok para tugisin ang iba pa. Kasama ng kani-kanilang mga alagang-hayop, nilisan pansamantala ng mga tao ang kanilang baryo. Bumalik lamang sila doon nang naging payapa na ang buong bayan ng Buruanga.

**PAANO NAGING GANAP NA BAYAN ANG LEZO**

Ang Lezo ang siyang pinakamaliit na bayan sa lalawigan ng Aklan. Bago ito naging ganap na bayan, ang Lezo ay bahagi o baryo lamang ng Kalibo. Tinawag itong "Guicod" na galing sa salitang "Guicab" – isang sapa na matatagpuan sa likurang bahagi ng Lezo Integrated School. Ang Lezo ay tinawag din noong "Tierra Alta" na ang kahulugan ay mataas na lugar dahil ang kabisera nito ay hindi inabot ng baha noong nagkaroon ng pinakamatinding pagbaha noong $19^{th}$ century.

Taong 1865, may mga prominenteng tao sa Lezo na nagtatag ng samahan na nagpetisyon sa mga opisyal ng Espanyol na mahimalay ang Lezo sa bayan ng Kalibo. Pinamunuan ang samahang ito nina Don Juan Legaspi at Benidecta Geronimo. Ang kahilingang ito ay ipinagkaloob noong Hulyo 6, 1865. Binigyan ng pangalang Lezo ang lugar bilang pagkilala sa isang magiting na Spanish Naval Officer na si LEZO na laging dumadalo sa mga negosasyon sa paghihiwalay ng Lezo sa Kalibo.



Sa mga panahong iyon nakaranas ng mga pagbabago sa pulitika at pakikibaka sa pamamahala ang bayang ito. Taong 1903 sa bisa ng Act No. 720 ng Philppine Commission na may petsang Abril 4, 1903, ang Lezo, kasama ng Numancia at Banga ay naging bahagi ng Kalibo dahil sa mababang koleksiyon ng buwis. Pero dahil sa matinding pagnanais ng mga taong magkaroon ng kalayaan ang bayan ng Lezo, ang negosasyon ay muling binuksan noong 1911. Nagkaroon ng kauna-unahang eleksiyon at si Cipriano Fernandez ang nahalal na Presidente Municipal hagang 1913. Muli siyang nahalal sa pangalawang pagkakataon pero hindi niya natapos ang panunungkulan dahil siya'y na suspendi. Si Marcos E. Cochiengco ang itinalaga bilang bagong Presidente Municipal at nanilbihan hagang 1918.

Noong 1918 eleksiyon, natalo sa Lezo ang mga kandidato ng pamahalaan, kasama ang noo'y Gobernador ng Capiz at kalaunay naging pangulo ng Pilipinas na si dating Pangulong Manuel A. Roxas. Ang pamahalaang lokal ng Lezo ay inilipat sa Numancia. Sa bisa ng Executive Order bilang 17, ng 1920 at sa Republic Act bilang 3086 ng Phil. Legislative na may petsang Marso 16, 1923 ang Lezo ay naging bahagi o baryo ng Numancia.

Sa patuloy na pakikibaka at determinasyon ng mga taga – Lezo na magkaroon ng kalayaan, ang Lezo ay naging ganap nang bayan sa utos ng Executive Order bilang 364 ng may petsang Agosto 28 1941 na nilagdaan ng dating pangulong Manuel L. Quezon. Si Atty. Moises F. Morado, isang abogado sa bayan ng Lezo ang unang tinalagang Mayor at nanungkulan mula 1942 – 1943.

Ang kasunduan para sa kapayapaan sa pagitan ng mga sundalong Amerikano at rebulusyonaryong Pilipino ay nilagdaan nina Capt. Morton ng Amerika at Hen. Ananias Diokno ng Pilipinas. Ito ay sa pamagitan ng Alkalde noon na si Simeon Mobo Reyes. Noong Setyembre 26, 1900 itinayo ang Treaty of Peace Marker bilang buhay na alaala na ang mga Lezeños ay mapagmahal sa kapayapaan at handang lumaban upang ipagtanggol ang nakamit na kalayaan.

**BANGKEROHAN MASAKER**

Hango sa aklat ng Altavas Historical Research Society
Isinalin sa Filipino ni Mary Ann P. Idala

"Nandito na ang mga Hapon!" sigaw ng isa. Sandali lang ay wala ng makikitang tao sa buong paligid. Ang lahat ay nagsipagtago na. Ang digamaan ay nagsimula na.

Sa iba, ang numerong 13 ay hindi swerte. Pero para kay "Akring" labing tatlong taong gulang, siya ay maswerte. Ang araw ng Martes ay marahil hindi rin swerte para sa mga mamamayan ng Altavas sapagkat higit kumulang 300 tao ang walang awang pinagpapatay.

Si Akring ay tumutulong sa isang plantasyon ng asukal ni "Cabeza Ayan" (Fabian Andrade) kasama si Ramon "Bongoe" ng Tibak, Talon nang magtanong ang mga sundalong Hapones tungkol sa USAFFE's (United States Armed Forces in the Far East). Nang wala silang maisagot tungkol sa mga ito ay tinali at hinatak nila ang tatlo. Habang naglalakad nadaan nila si Alejandro Agonias na siya namang nagbibilad ng isda ng mga oras na 'yon. Ginapos rin siya ng mga Hapon

at sapilitang pinasunod sa kanila kasama pa si Teodora Ambrocio. Sa daan papuntang Bangkerohan ay nakasalubong nila si Macario Diego na iginapos din kagaya ng mga nauna pa. Lahat sila ay pilit na pinalakad papuntang ilog kung saan mamatagpuan ang bahay ni Roberto Padasas. Isa isa silang pinagbuhat ng sako ng mga sundalong Hapones. Sinu-ong nila ang ilog sa kadahilanang wala pang tulay sa lugar noong panahong iyon. Nakita ni Akring na halos mamatay na si Leon Cortes. Si Flora, asawa ni Apolinar Gervacio ay buntis at hawak hawak si Gene Gervacio. Si Gene ay kasal kay Salome Panado, isang guro sa pampublikong paaralan.

Sila ay sinabihan na magtungo malapit sa ilog. Nang makadating roon ay itinuro ni Vicente Morata, taga-Iloilo na "spy" ng mga Hapon si Apolinar Gervacio at sinabing isa siyang gerilya. Bigla nalang itong binaril ng mga sundalo at inilibing sa taniman ng nipa. Isa pang putok ang umalingawngaw na siya namang pumatay sa kanyang asawa. Bumagsak ang katawan ni Flora sa kanilang anak na si Gene. Pinagtataga naman ng mga Hapon ng bayoneta si Gene ngunit dahil natatabunan siya ng bangkay ng kanyang ina ay nakaligtas ito.

Ang iba naman ay pinaupo at pinaghahampas ng sandata. Ipinikit na lang ni Akring ang kanyang mga mata para hindi niya makita ang walang habas na pagpatay sa kanyang mga kababayan. Ang mga kabataan at sanggol naman at itinatapon ng mga sundalo sa ere at itinutosok sa bayoneta. Nagkalat ang katawan ng mga pinatay at ang lupa ay naging pula. Si Akring ay pangtatlo pa sa pila kaya napag-isip isip niyang, "bakit pa ako maghihintay sa aking kamatayan kung pwede naman akong tumakas at mabuhay? Diyos ko, tulungan Mo po ako," kaya naman tumalon siya sa ilog at lumangoy pailalim hanggang sa makapunta sa isang ligtas na lugar. Doon ay naupo siya sa ilalim ng isang puno at doon din ay napag-alaman niya na may tama siya sa hita. Tinamaan siya ng

"pik-pok," isang kalibre 22 na baril ng mga Hapones. Noon din ay tumakbo siya hanggang narating niya ang bahay ni Gorgonio Cortes. Sarado ang bahay ni Cortes kaya umakyat na lng si Akring sa puno ng niyog at don na siya nakatulog dala na rin ng sobrang pagod. Nagising siya sa atungal ng aso. Nakita niya ni Emeliano Tungala at dinala siya nito sa Daliplip. Nakilala niya doon sila Marcelo at Bartolome Raval na siya namang nagdala sa kanya sa bahay ni Cornelio "Kiyong" Gregorio. Nang makabalik siya sa Tibak ay laking pasasalamat ng kanyang mga kamag-anak, samantalang ang iba naman ay nagdadalamhati sa mga nasawing biktima.



Isang linggo pagkatapos ng "Juez de Cuchillo" ang mga residente ay muling pinulong sa bahay ni Florencio Marcelino sa Cabugao. Pinagsabihan sila na makipag-alyansa sa mga Hapon at ituro ang mga miyembro ng mga girelya o ng mga sundalong USSAFE. Pero ni isa ay walang pumanig sa mga ito.

**CATMON MASAKER**

Hango sa aklat ng Altavas Historical Research Society Inc.
Isinalin sa Filipino ni Mary Ann P. Idala

Sariwa pa sa alaala ng mga kabataang residente ng Barangay Catmon ang kahindikhindik na pangyayari noong Oktubre 26, 1943 kung saan walang awang pinatay ang mga kalalakihan, kababaihan at mga kabataan ng nasabing barangay sa panahong sakop tayo ng mga Hapon.

Sina Estrella Paloma Flores at ang kanyang awasang si Mariano Flores, kasama na rin ang kanilang mga anak, ay maaaring napatay din sa masaker kagaya ng kanilang iba pang kamag-anak kung hindi lang sila nakatakas sa mga sundalong Hapon. Si Timoteo, ama ni Mariano, ay nagtamo ng pinakamalubhang sugat sa labing pitong biktima ng masaker sa kanilang angkan pa lamang.

Si Timoteo ay apo ng isa sa mga nakatuklas sa bayan ng Altavas na si Laureano Candelario, isang magsasaka na siyang ring nagmamay-ari ng malawak na lupain sa Catmon at Lupo, Altavas. Bago ang araw ng krimen, si "Tente Kayo" (Barrio Lieutenant Leocadio Gregorio) at ang kanyang sub-lieutenant Julian Miguel, "Tente Ola" kung tawagin ay nagpatawag ng pagpupulong sa mga resident ng barangay at nagpahiwatig ng pagdating ng mga Hapones sa kanilang lugar kinabukasan. Hindi nila alam kung ang pagdalaw na ito ay magdadala ng isang magandang pagkakaibigan sa dalawang panig sapagkat ang isang lugar sa Catmon ay nagsilbing kuta ng mga gerilyang USAFFE ng 66$^{th}$ Infantry Regiment sa pamumuno ni Major Esteban Aranda. Pero sa kasamaang palad ang mga ito ay umalis na kaya wala nang magpoprotekta sa mga sibilyan.

At dahil na rin sa presensya ng mga gerilya sa baranggay Catmon ay tinuring ito na kampo ng mga gerilya ng mga Hapones. Kaya naman pinagpulungan ng mga mamamayan ang nakakatakot na balitang ito. Napagkasunduan nilang makipagkaibigan sa mga Hapon. Pinayuhan din silang maglagay ng bandila ng bansang Hapon gamit ang isang kwadradong tela na may pulang bilog sa ginta na kanilang dadalhin at iwawagayway sa oras na dumating ang mga kalaban. Napagkasunduan din nilang isuko ang kanilang mga armas na tinatawag na “paltik” na pagmamay-ari naman ni Julio Flores. Panahon ng ani nang mga panahon ring yaon kaya pinayuhan din silang maging kalmado at ipagpatuloy ang kanilang pag-aani at iba pang mga gawain para hindi sila mabaril o mapahamak pa.

Madaling araw kinaumagahan ay sumalakay na ang mga sundalong Hapon. Pinagdadakip at sinunog nila ang mga kabahayan at pinagbabaril ang mga nagtatakbuhang tao. Dahil sa kaguluhang naganap ay nakikini-kinita na ng mga mamamayan na maraming buhay ang mawawala. Dahil na rin sa takot ay hindi na nila nagawa pang iwagayway ang bandilang kanilang ginawa.

Samantala, ang mga nadakip na sibilyan ng mga Hapones ay ipinasok nila sa malaking bahay ni Marcelo Mapindan, bayaw ni Timoteo, na siya namang tinortyur at pinatay. Ang naturing bahay ay siya ring naging kuta ng mga gerilya. Ito ay nalaman marahil ng mga Hapones sa pamamagitan ng kanilang mga ispiya. May dalawang kababaihan ang nakatakas sa nasabing trahedya sa pamamagitan ng pagtalon sa bintana ng kanilang bahay at tumakbo patungo sa matataas na dayami. Ayon sa kanila, mayroong mga isang daang sibilyan ang tinanong, sinapak, pinahirapan at pinatay gamit ang bayoneta at sandata ng mga Hapones. Iyakan, sigawan at hinagpis ng hapdi at sakit ang maririnig sa buong baryo sa mga oras na ‘yon.

Sinunog ng mga Hapones ang mga natitira pang kabahayan bandang alas dos ng hapon. Bandang alas dos y meja ay umalis na sila sa Catmon, Altavas dala-dala si Marcelo Mapindan papuntang Cabangila,Altavas. Iiniwan nila roon si Marcelo Mapindan na puno ng saksak gamit ang bayoneta. Ito ay nasaksihan mismo ni Marcelo Mapindan, pati na rin ang pagkasunog ng kanyang bahay.

Ang mga natirang sunog na katawan ng mga biktima ay pinagsama-sama sa iisang hukay sa gilid ng punongkahoy ng santol sa paligid ng mismong bahay ng mga Mapindan na siya ring dating naging tirahan ng mga gerilya. Ang dating lugar na tahimik at puno ng kasiyahan noon ay naging lugar ng traheyda at naging kahindik-hindik sa karamihan.

## **"PAG-AEAW-AEAW"**

nina: Alma M. Luciano, Lene A. Arcenio, Julius C. Rario

Maraming Banganhon ang pinatay noong Oktubre 21, 1943 sa pagitan ng kalye ng Rizal at Mabini na ngayon ay tinatawag na Banga Rotonda. Sa lugar na ito naganap ang makasaysayan at hindi makakalimutang pangyayari ng mga Banganhon. Sa lugar na kung saan nakatayo ngayon ang Banga "Rotonda", masayang nagtipon tipon ang maraming tao para sana sa pagsalubong sa mga sundalong Hapones. Taliwas sa kanilang inaasahan, pinaupo sila at walang awang pinagbabaril ng mga Hapones.

Ang makasaysayang pangyayaring ito na naganap sa bayan ng Banga ay tinawag nilang "Pag-aeaw-aeaw" o "Banga Massacre". Ito ay isang nakasosorpresa at hindi inaasahang pangyayari sa panahon ng mga Hapon.

**Bariw Festival**

ni: Maria Divina B. Fabiala

Ang bansang Pilipinas ay kilala sa pagkakaroon ng sari-saring pagdiriwang na ginugunita ng mga Pilipino taun-taon. Hindi maipagkakaila ang ating pagiging magiliw sa pagtanggap ng mga panauhin. Nasasalamin dito ang pagiging relihiyoso ng bawat Pilipino sa oras ng mga hindi mabilang na kasiyahan. Isa sa mga natatanging pagdiriwang na ginugunita sa lalawigan ng Aklan ay ang tinatawag na "Bariw Festival" ng mga Nabasnon. Sentro ng selebrasyong ito ay ang dahon ng " *punong Bariw"* na makikita at tumutubo sa kabundukan at maging sa kapatagan ng Nabas. Ang dahon ng bariw ay isang matulis, mahaba at ang magkabilang gilid ay napaliligiran ng tinik.

Ang tinik nito ay kinakailangang tanggalin upang hindi makasugat. Ibinibilad ang mga dahon nito na wala ng tinik sa loob ng isang linggo. Binabalbal at hinahati ito sa tatlong bahagi ayon sa magagawang produkto mula rito. Halos lahat ng mamamayang naninirahan sa bayan ng Nabas ay paggawa ng banig, basket, bag, sumbrero, mga kasuotan/*costume* na yari sa bariw ang ikinabubuhay.

Taun-taon, tuwing sasapit ang buwan ng Mayo, ginugunita ang naturang pagdiriwang na eksklusibo sa bayan ng Nabas. Tampok ang pagkakaroon ito ng patimpalak o tagisan ng talino sa iba-ibang larangan. Hindi syempre mawawala ang paggawa ng sari-saring produkto yari sa *Bariw*. Nakilala ang bayan ng Nabas hindi lang sa lalawigan ng Aklan kundi sa buong bansang Pilipinas sa larangan ng industriyang pangkabuhayan yari sa Bariw.

## PALAISIPAN (TUGMAHUNON)

ni: Jay-ann A. Terrano
Inayos nina: Rany N. Navarra at Radjadel Imaysay

***Layunin:***

*Nabibigkas nang may wastong ritmo ang ilang halimbawa ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at palaisipan.* ***(F7PS-IIIa-c-13)***

Dahong tinda-tinda
Putulin man, hindi malalanta **(Buhok)**

Kabayo ko sa kagubatan
Hindi makakain kung hindi sasakyan **(Kudkuran)**

Tubig sa Mining Mining

Hindi masidlan ng hangin **(Niyog)**

Nagtago si San Pedro

Makikita pa rin ang ulo **(Pako)**

Sumigaw si Amang Yaol

Hanggang tuhod ang salawal **(Tandang)**

Bahay ni Kari Kari

Ang haligi ay bali-bali

Ang bubong ay kawali **(Kagang/Alimango/Alimasag)**

Nagtago si Maria

Nakita ang saya **(Puso ng Saging)**

Kung umaga ay bantay

Kung gabi ay harang **(Pintuan)**

Sinaing ni Kaduro

Kahit walang panggatong ay kumukulo. **(Dagasanan)**

Sibat ni San Pedro

Hindi mabilang. **(Ulan)**

Hindi tao, hindi hayop

Nasa labas ang bituka. **(Gitara)**

Araw, gabi

Laging nakakulambo **(Prutas na Maria-Maria)**

**Mga Layunin:**

- *Nabibigkas ang sinulat na Tanka nang may wastong antala/hinto at damdamin* ***(F9PS –IIa-b-47)***
- *Nasasaliksik ang kulturang Numancia na nakapaloob sa tulang Tanka* ***(F9EP – IIa-b-15)***

**TANKA SA AKLANON**

ni: Lilia T. Sumanga

<u>Dios/ *Diyos*</u>

Ikaw sa kaeangitan, ano ing ngaean?
*(Ikaw sa kalangitan, ano iyong pangalan?)*
Kami imong bantayan
*(Kami'y iyong bantayan)*
Sa kapipit-an, ikaw among saligan
*(Sa kahirapan, Ikaw ay aming asahan.)*

<u>Manggad /*Yaman*</u>

Ham-an ginaawayan ag gapaeatyan?
*( Bakit pinag-aawayan at saka nagpapatayan?)*
Pamilya gabueoeag, nagkaeasamad
*(Pamilya'y naghihiwalay, nawawasak,)*
dahil eamang sa manggad.
*(dahil lang sa yaman.)*

Namok/ *Lamok*

Ano imong nahutik sa ang dueonggan?

*(Anong ibinubulong sa 'king tainga?)*

Gulpi kang kumudlit, Aray! kasakit.

*(At bigla kang nangagat, Aray! ang sakit.)*

Namok ka gid nga malit.

*(Lamok ka na makulit)*

**KUWENTONG-BAYAN**

***MGA LAYUNIN:***

- *Naibibigay ang kasingkahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap.* ***( F7PT-Ia-b-1 )***
- *Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan. (* ***F7PN-1a-b-1 )***
- *Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng kaugalian ng lugar na pinagmulan nito.* ***( F7PU-Ia-b-1 )***
- Nasasagot ang tanong tungkol sa binasang kuwento *F3PN-Ic-j-3.1.1*
- Nakapagbibigay-wakas sa binasang kuwento *F3PB-Iii-14*

**"Si Purdito at Si Mangilaw"**

(Hango sa kuwento ng matatanda)
ni: Maria Jevy B. Prado

Noong unang panahon sa kagubatan ng Malay, may nakatirang nilalang na ang pangalan ay Mangilaw. May matipunong pangangatawan at may mahabang buhok na animoy si Tarzan. May mga taong takot sa kanya pero hindi ang batang si Purdito.

Si Purdito ay batang taga lungsod ngunit mahilig siyang tumuklas ng mga kakaibang bagay sa ating kapaligiran. Malimit mo siyang makitang nagbabasa ng mga aklat tungkol sa agham. Tuwing bakasyon, paborito niyang puntahan ang lugar ng kanyang lola sa Barangay Nabaoy sa bayan ng Malay.

Isang araw, sa kanyang paglalakad sa gubat nakita niya si Mangilaw. Imbis na magulat at matakot, dali-dali niyang nilapitan si Mangilaw. Laking tuwa ni Mangilaw dahil may isang batang hindi takot sa kanya at gustong makipagkaibigan. Buong buhay niya hindi pa niya nararanasan ang magkaroon ng kaibigan dahil takot ang mga tao sa kanya. Ipinakita niya kay Purdito kung paano sumakay sa baging, umakyat ng puno, manghuli ng isda sa ilog at kung paano magluto ng pagkain. Sa ilang araw nilang pagsasama, natutunan din ni Purdito ang mga bagay na alam gawin ni Mangilaw tulad ng pag-akyat at pagbaging sa mga puno. Ang paglangoy at paghuli ng isda ay kanya ring naranasan.

Labis ang pasasalamat ni Purdito kay Mangilaw sa karanasan niyang hindi malilimutan.

**Ang Tatlong Higante**

(*Hango sa kuwento ng mga matatanda)*
ni: Maria Jevy B. Prado

Noong unang panahon, may tatlong higante na nakatira sa bayan ng Malay. Sila ay sina Manuak, Manlabaw, at Manligid. Silang tatlo ay mahilig maglaro sa dalampasigan ng baybayin ng Malay.

Isang araw, may nakita silang paparating na malaking barko. Nakita nilang mga armado ang sakay noon. Bigla silang napahinto sa kanilang paglalaro at inabangan ang pagdaong ng malaking barko. Laking gulat ng mga mananakop na sakay ng barko sa kanilang nakita. Biglang nagbago ang kanilang isip na sakupin ang bayan ng Malay sa paniniwalang ang mga taong nakatira sa bayang ito ang puro mga higante. Sa takot, dali-dali nilang iniliko ang kanilang barko pabalik sa kanilang pinanggalingan. Labis ang pagtataka ng magkapatid sa ikinilos ng barko sa kanilang harapan.

**ANG LALAKI AT ANG ALBULARYO**
Jocelyn Goyo-Briones

Sa barangay Dumga sa bayan ng Makato, lalawigan ng Aklan ay may kilalang albularyo na ang espesyalisasyon ay ang "magbutbot". Siya ay gumagamit ng nganga na nilalagay sa dahon ng "buyo" at itinatapal sa idinadaing na masakit na bahagi ng katawan.

Hindi mauubusan ng parokyano ang babaeng "manugbutbot" dahil hindi lang "pagbubutbot" ang kaya niyang gawin. Maraming nagpapatunay na

napapagaling niya ang sakit na hindi napapagaling ng doktor. Mga sanggol, bata at matatanda ang karaniwang mukhang makikita sa labas ng kanyang bahay. Nasa tabi ng "highway" nakatirik ang kanyang simpleng tahanan.

May mga mayayaman ding nagpapagamot sa kanya dahil sa magagarang sasakyan na nakaparada sa harapan ng kanyang bahay. Lahat ng nagagamot niya ay nagpapasalamat, dahil kung hindi dahil sa kanyang mahiwagang "butbot" ay hindi sila gagaling sa matagal nang iniindang sakit sa katawan.

Mura lang ang bayad sa kanya, limampung piso. Kung walang-wala talaga ay maaari ring iabot sa kanya ang makakayanan sabay sabing, " pasensya na po sa kaunting nakayanan ko". Meron namang nakakaluwag sa buhay na nagbibigay ng limandaan o isanlibong piso. Sabi nila, mas malaki pa ang nagastos na nila sa doktor bago nila nalaman ang hiwaga ng "butbot".

Isang araw, may nagtangkang patunayan ang katotohanan sa gawain ng nasabing albularyo. Isang lalaki ang pumunta nang maaga pa sa bahay ng albularyo. Siya ang unang kliyente ng matanda. Paika-ika itong pumasok sa bahay at agad naupo sa upuang yari sa kawayan. Ayon sa lalaki ay hindi niya maituwid and kanyang tuhod ilang araw na ang nakaraan. Sinimulan na ang proseso ng "pagbutbot". Itinapal ng albularyo ang dahon ng "buyo" na may nginuyang nganga na may iba't ibang sangkap na halamang gamot sa itaas na bahagi ng kanyang tuhod.

Ilang saglit lang ay sumigaw nang ubod lakas ang lalaki dahil sa napakatinding sakit na naramdaman. Pinahiran ng albularyo ng langis ang paligid ng kanyang tuhod na ayon sa kanya ay ilang araw na niyang iniinda. Maya-maya ay kinuha na ng albularyo ang itinapal na "pambutbot". Laking

gulat ng lalaki na ang maliit na batong kanyang inipit sa kanyang alak-alakan ay tumagos sa kanyang laman at naroon na sa itinapal na nganga.

Simula noon ay naniwala na ang lalaki na totoong may hiwaga at nakakagamot ng iba't ibang sakit ang "pambubutbot". Ayon sa mga matatanda, ang mga sakit na kayang gamutin ng "pagbutbot" ay gawa ng mga nilalang na di natin nakikita o tinatawag nilang mga "tumawo".

## BUKTONG BUKTOT

ni Lilia T. Sumanga

Noong unang panahon, sa malayong baranggay ng Numancia, may mag-asawang kailanma'y hindi nabiyayaan ng anak. Matagal na panahon silang nagsama subalit hindi sila nagkaanak. Araw-gabi silang nananalangin sa Panginoon na magkaroon ng kahit isang anak man lamang. Lumipas na ang kanilang panahon sa paghahanap ng paraan namagkaroon ng supling.

Sa matagal na panahong pagsusumamo sa Panginoon, dininig din ng langit ang kanilang dasal. Isang gabing napakalakas ang hangin at ulan, nakarinig sila ng pag-iyak ng isang sanggol malapit sa kanilang dampa. Hindi nila inalintana ang malakas na hangin, mahanap lamang ang pinagmumulan ng pag-iyak. Natagpuan nila ang isang sanggol na nabalot ng puting tela malapit sa puno ng kawayanan. Basang-basa at nanginginig na ang sanggol sa tindi ng lamig. Agad nilang iniuwi sa kanilang dampa subalit sila'y nabigla nang makita na ito'y isang kuba.

"O, Panginoon! Kami nga'y binigyan mo ng anak subalit bakit ganito ang kanyang kalagayan? Ganon pamam, mamahalin pa rin namin siya at ituturing na tunay na anak. Tatawagin naming siyang Bukto, na ang ibig sabihin ay kuba na mula sa kawayanan", sabi ng asawang babae.

Sa pagdaan ng panahon, habang lumalaki si Bukto ay lalo pa itong kumukuba bukod sa pangit na hitsura. Walang nais makipaglaro at makihalubilo sa kanya maliban sa kanyang mga magulang. Magkaganon pa man ay binusog pa rin siya ng pagmamahal at hindi nila ipinaramdam sa kanya na siya'y may kapansanan at pangit. Lumaki siyang mabait, matulungin, matalino at matapang. Malaking tulong siya sa kanyang mga magulang at sa kanilang pamumuhay.

Sa paglipas ng panahon, may napansin ang mag-asawa sa batang inampon. Sa bawat mabuting gawa ng bata ay nagbabago ang kaanyuan nito. Minsan, ang matanda na niyang ama-amahan ay nadulas sa gilid ng bundok. Parang kidlat sa bilis niya itong sinaklolohan mula sa pagkatumba at biglang nagliwanag ang kanyang mukha dahil sa kanyang nagawa. Gayundin nang ang kanyang kinilalang ina ay nabuwalan ng malaking sanga, tila papel lamang niya itong binuhat. Sila ay namangha sa kanilang nasaksihan sa batang ito na tila may hiwagang bumabalot sa katauhan nito.

"Anong kababalaghan mayroon ang batang ito?" tanong nila sa isa't isa. Nahihiwagaan man na kung anong kapangyarihan ang taglay ng bata ay patuloy nila itong minahal. Naging maayos ang kanilang pamumuhay na puspos ng kababalaghan mula kay Bukto. Maligaya ang dalawang matanda sapagkat nagkaroon sila ng anak na tumutulong at hindi nagpapabaya sa kanila habang sila'y tumatanda. "Maraming salamat Panginoon at biniyayaan mo kami ng anak."

Lingid sa kanilang kaalaman, ang bata ay handog ng langit sa kanila. Isang anghel na tumutulong sa mga taong may mabubuting kalooban . Pinapakinggan ng Panginoon ang mga taong tumatawag at nananalig sa Kanya.

## SANAYSAY

***Mga layunin:***

- *Nagagamit ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag (pag-iisa-isa, paghahambing, at iba pa) sa pagsulat ng sanaysay.* ***(F8WG-IIf-g-27)***
- *Naisusulat ang sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng kabataang Asyano.* ***(F9PU-If-44)***
- *Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media.* ***(F10PN-Ic-d-64)***
- *Naibabahagi ang sariling reaksiyon sa ilang mahahalagang ideyang nakapaloob sa binasang akda sa pamamagitan ng brain storming.* ***(F10PS-Ic-d-66)***
- *Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda.* ***(F10PB-Ic-d-64)***
- *Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media.* ***( F10PN-Ic-d-64)***
- *Naibabahagi ang sariling reaksiyon sa ilang mahahalagang ideyang nakapaloob sa binasang akda sa pamamagitan ng brain storming.* ***(F10PS-Ic-d-66)***

## SA PAGLIPAS NG PANAHON (Sanaysay)

ni: Mack Janiel T. Tribo

Simula pa noon, nakilala na ang mga Pilipino bilang isa sa mga magigiliw na tao. Sa sobrang giliw nga sa kanilang bisita kahit na mangutang pa sa kapitbahay ay gagawin, mapakain lang ng masarap ang mga bisita upang walang masabi sa kanila lalong-lalo na tuwing may okasyon. Kilala din tayo bilang palangiting lahi sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, mapabagyo, baha o ano pa man ito.

Mapunta tayo sa mga kabataan noon. Ang mga lalaki daw ay masisipag sa gawaing bukid at sa gawaing mabibigat na nangangailangan ng lakas ng katawan. Masigasig din sila sa panliligaw na kahit umabot pa ng ilang taon ay 'di nila alintana ang tagal mapasagot lang ng "Oo" ang kanilang minamahal. Sa kabilang banda naman ang mga kababaihan noon ay bihasa sa mga gawaing bahay. Madali lang para sa kanila ang maglaba, magsaing, maghugas ng pinagkainan at iba pang gawaing bahay. Napakakonserbatibo din nilang manamit na halos balutin na ang kanilang katawan. Napakahinhin din nila noon, hindi lamang sa kanilang pagkilos maging sa kanila ring pananalita.

Eh ngayon, ano na kaya ang sitwasyon? Mukhang tumataas yata ang kilay ng mga matatanda. Paano kasi ang ilan sa mga Pinoy ngayon kapag nangungutang kay bait, kapag siningil – galit. Kapag nagsalubong, iiwasan ka. Isa pa lamang iyan sa dahilan ng pagtaas ng kilay ng mga matatanda. Ang ilan naman sa kalalakihan sa ngayon ay tila hindi na kilala ang pagsasaka. Ayaw na kasing mag-araro sa bukid. "Maputik at mainit", iyon ang wika nila. Subalit may panahon sa computer games at sa cellphone nila. Ang mga kababaihan naman ay hirap nang gumawa ng mga simpleng gawaing bahay. Tulad na lamang ng

paglalaba. Kaya naman sanang gawin ng maaga pero ipagpapabukas pa. Hanggang sa dumami tapos magrereklamo na. Pero bakit ang pag-like at pagpopost sa facebook ay walang angal nilang ginagawa? Kapansin-pansin din ang pananamit nila na ayon sa mga matatanda ay kita na daw ang kaluluwa. Ang pagkakaroon ng kasintahan para sa ibang kabataan ay napakadali na lamang. Sapagkat mas nauuna pang maging sila kaysa sa makilala ang mga magulang nila. Ito ang mga bagay na hindi halos maunawaan ng mga matatanda. Hindi kasi maiiwasan ang paghambingin ang noon sa ngayon.

Ang pagbabago, ito ang dahilan ng lahat ng ito. Ito kasi ang pangyayari na hindi natin maiiwasan magpakailan man. Upang makaiwas tayo sa hindi pagkakaintindihan sa mga kabataan , huwag na lang natin silang sisihin sa kung ano sila ngayon. Bagkus unawain na lamang natin sila at pagsabihan sa maayos na paraan. Wika nga ng ating pambansang bayani, " ang kabataan ay siyang pag-asa ng bayan" . Bakit kaya hindi na lang tayong lahat ay magtulungan? Tayong mga nakakatanda, gabayan nating mabuti ang mga kabataan. Iwaksi ang mali at ipagpatuloy ang mabuting nakagawian para sa huli ay umunlad ang ating bayan. Tanggalin na natin ang nakasanayang " panay salita wala naman sa gawa". Patunayan natin na mainam na mayroon tayong ginagawa para umunlad ang ating bansa.

**BARIW FESTIVAL**

ni: Maria Divina B. Fabiala

Ang bansang Pilipinas ay kilala sa pagkakaroon ng sari-saring pagdiriwang na ginugunita ng mga Pilipino taun-taon. Hindi maipagkakaila ang ating pagiging magiliw sa pagtanggap ng mga panauhin. Nasasalamin dito ang pagiging relihiyoso ng bawat Pilipino sa oras ng mga hindi mabilang na kasiyahan. Isa sa mga natatanging pagdiriwang na ginugunita sa lalawigan ng Aklan ay ang tinatawag na "Bariw Festival" ng mga Nabasnon. Tampok sa "Bariw Festival" ang mga produktong yari sa dahon ng *bariw* na makikita at tumutubo sa kahit saang lugar sa bayan ng Nabas. Makikita ang tanim na ito sa kabundukan at maging sa kapatagan. Ang dahon ng bariw ay isang matulis, mahaba at ang magkabilang gilid ay napaliligiran ng tinik.

Ang tinik nito ay kinakailangang tanggalin upang hindi makasugat. Ibinibilad ang mga dahon nito na naalisan na ng tinik sa loob ng isang lingo. Binabalbal at hinahati ito sa tatlong bahagi ayon sa produkto magagawang buhat dito. Halos lahat sa mga mamamayang naninirahan sa bayan ng Nabas ay tanging ikinabubuhay ang paggawa ng banig, basket, bag, sumbrero, mga kasuotan/*costume* at marami pang iba na yari sa bariw.

Tuwing sumasapit ang buwan ng Mayo, ginugunita ang naturang pagdiriwang na eksklusibo sa bayan ng Nabas. Nagkakaroon ito ng iba't ibang tagisan di lang ng talino kundi pati sa paggawa ng sari-saring produktong yari sa Bariw. Dahil ditto, nakilala ang mga Nabasnon sa larangan ng industriyang pangkabuhayan hindi lang lamang sa lalawigan ng Aklan kundi sa buong Pilipinas.

**PISTANG KRISTIYANO**
ni: Lerlyn R. Nama
inayos ni: Gng. Maybell F. Inan

Ang Pistang Kristiyano ay isang relihiyosong pagdiriwang at pagpapasalamat sa Diyos ng mga Kristiyanong nakatira sa Panipiason, Madalag, Aklan. Ipinagdidiriwang ito tuwing ika- 24-25, ng Mayo. Bawat Sitio ay mayroong simbahan, sa Sitio Clusicia ay may Grace Gospel Church, sa Sitio Mananggad ay may Faith Gospel Church, sa Sitio Kabatak ay Maranatha Gospel Church at sa Sitio Tagbon naman ay Tagbon Christian Church. Lahat ng mga Kristiyano ay naghahanda ng mga pagkain at nag-iimbita ng mga bisita galing sa iba't ibang lugar. Tulong-tulong ang lahat ng mga Kristiyano upang maging masaya at matagumpay ang selebrasyon. Maraming bisita ang pumupunta upang manood ng mga programa, palaro, at palabas tungkol sa kultura at tradisyon ng Panipiason. Maraming bisita galing sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, mga namumuno ng bayan, mga namumuno sa simbahan, mga miyembro ng simbahan at mga bisitang galing sa malayong lugar ang dumadayo upang saksihan ang programa at mga palabas sa pista.

Tuwing hapon ng ika-24 ng Mayo o bisperas, mayroong paligsahan sa pagkuwento ng Mito, Epiko, Alamat, Pabula, at Maikling Kwento o "Sugilanon". Mayroon ding Kumintang, ito ay awit tungkol sa panliligaw at pagtanggap sa mga bisita, Gadigadihon at Komposo. Karaniwang sumasali rito ay mga matatanda. Mayroong premyo ang mananalo sa patimpalak. Pagkatapos nito ay nagsisipag-uwian na ang mga kalahok at naghahanda na sila ng hapunan. Sa gabi naman ay mayroong pormal na programa at koronasyon sa mga nanalong "Miss Pistang Kristiyano". Sila ay pinaparangalan at binibigyan ng korona, boquet at trophy. Mayroon ding palabas ng kultura at tradisyon tulad ng "Inagong", upang aliwin ang mga manonood. Ang "Inagong" ay katutubong

sayaw na ginagaya ang galaw ng mga hayop at ipinapakita ang kultura sa pamamagitan ng galaw ng katawan.  Ang mga instrumentong ginagamit sa pagsasayaw ay Agong , Tikombo  at Katong Katong.  Isinasama rin sa programa ang Awarding Ceremonies ng mga nanalo sa Basketball Tournament.  Sila ay tumatanggap ng premyo tulad ng trophy, medalya at pera.

Tuwing ika-25 ng Mayo naman, mayroong pagsamba sa bawat simbahan. Sama-sama ang bawat pamilya upang sumamba at magpasalamat sa Diyos sa lahat ng pagpapalang tinanggap.  Nagdadala ang bawat pamilya ng mga bagong ani na palay, gulay, prutas,  mga halamang ugat at iba pa, bilang handog pasasalamat  sa Diyos.  Pagkatapos ng "pananambahan", iniimbitahan naman ang mga bisita upang mananghalian. Bawat bahay ay mayroong handa, kaya't kahit saang bahay man ang bisita pumunta ay mayroong nakahandang pagkain.  Sa hapon naman ay mayroong palaro, "laro ng lahi" at ang lahat ay puwedeng sumali rito.  Binibigyan din ng premyo ang mga mananalo.  Ang mga palarong ito ay nagbibigay saya sa mga manonood.  Mula noon hanggang sa kasalukuyan, kilala ang pistang ito sapagkat ito ay laging payapa at walang gulo.